




Ang Epistula ni Santiago:

**Isang Maikling
Komentaryo**

ZANE C. HODGES

Ang Epistula ni Santiago: Isang Maikling Komentaryo ay salin sa wikang Filipino ng kaukulang bahagi tungkol kay Santiago mula sa *The Grace New Testament Commentary*.

Hodges, Zane C., 1932–2008

Tagasalin: Dante B. Nieto
Karapatang-ari © 2010, 2025

Grace Evangelical Society
Para sa mga kahilingan ng impormasyon, makipag-ugnayan sa: ges@faithalone.org,
www.faithalone.org

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang bahagi ng akdang ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang paunang pahintulot ng tagapaglathala, maliban kung pinahihintulutan ng batas sa karapatang-ari ng U.S.

Maliban kung may ibang nabanggit, lahat ng sipi mula sa Biblia ay mula sa Bersyong Ang Biblia © 2001 Philippine Bible Society, ginamit nang may pahintulot.

Grace Evangelical Society
P.O. Box 1308
Denton, TX 76202

Nakaimprenta sa U.S.A.

Santiago

Zane Hodges

PANIMULA

Ang EPISTULA NI SANTIAGO ay isang napakagandang sulat Cristiano na sinulat ng isang masining na komunikador na may puso ng isang pastor. Ang kaniyang estilo ay maikli ngunit grapiko, na gumagamit ng maraming epektibong ilustrasyon, anupa't madaling paniwalaang sinasalita niya rin ang katotohanan ng Diyos nang may konsiderableng kapangyarihan.

Isang napakahalagang elemento ng kanon ng BT, ang malalim na nilalaman ng sulat ay nagpapawalang-bisa sa inisyal na ebalwasyon ni Luther na ito ay “tama ngunit mala-dayaming epistula.” Ang Aklat ni Santiago ay tinig ng isang dakilang pinunong Cristiano na ang pagkaunawa ng espirituwal na buhay at kalikasan ng tao ay maipapantay sa sinuman sa BT. Ang modernong Simbahan ay binabale-wala ang mga napaka-praktikal na admonisyon ni Santiago sa kaniyang ikapapahamak.

May-akda

Tinawag ng may-akda ang kaniyang sarili na *Santiago, na alipin ng Diyos at ng Panginoong Jesucristo* (1:1). Ngunit sinong Santiago ito?

Ang “Santiagong” madalas ikonekta sa sulat na ito ay ang hating-kapatid ni Jesus. Kung ang epistula ay sinulat pagkamatay ng Apostol Santiago (tingnan ang pagtalakay sa Petsa), ang tanging Santiagong kilala ng lahat at natitira sa Cristianong simbahan ng Palestina ay ang Santiagong kapatid ng Panginoon. Madali niyang mailalarawan ang kaniyang sarili nang may kapakumbabaan bilang “alipin ng Diyos at ng Panginoong Jesucristo” (1:1). Malaki rin ang posibilidad na kilala ng nagdala ng epistula ang may-akda at sasabihin ito sa mga tagatanggap sa tuwing ito ay babasahin. Bukod diyan, ang ma-awtoridad na tono ng epistula ay nagpapakita ng isang sinusunod at ginagalang na pigura, kaysa sa isang Santiagong hindi kilala.

Kung ganuon, walang dahilan upang isantabi ang tradisyunal na pananaw na ang may-akda ay si Santiagong kapatid ng Panginoon. Sa halip, ang epistula ay umaakma sa mahahalagang detalye sa pagkakilanlan ng manunulat nito.

Ang Mambabasa, Petsa at Patutunguhan

Tinawag ni Santiago ang kaniyang mambabasa bilang *labindalawang angkan* (1:1). Pinapakilala nito ang natural na tagatanggap bilang mga Judio, at sang-ayon dito ang tono. Ang nilalaman ng epistula ay sumasang-ayon din dito. Ang nosyong ang Epistula ni Santiago ay isang hindi Cristiano kundi doktrinang Judio, na kung saan siningit ang mga dagdag Cristiano, ay tama lamang na ituring ngayon bilang isang piksiyon. Ganuon pa man, walang banggit si Santiago sa mga Gentil, at wala rin siyang kabatiran ng uri ng ebenghelismong tipikal sa mga misyong Paulino. Ito ay nagmumungkahing ang Santiago ay sinulat bago ang misyon sa mga Gentil na tinala sa Gawa.

Kung ang tradisyunal na kamatayan ni Santiago (AD 62) ay tama, ang epistula ay hindi maaaring isulat matapos ng petsang iyan. Sa halip, ang kawalan ng anumang pag-aalala sa mga

isyung itinaas ng kumbersiyon ng mga Gentil ay nagmumungkahi ng posibilidad na ang epistula ay maaaring petsahan kahit kasing-aga ng kalagitnaan o huling bahagi ng 30s. Kung tatanggapin natin ang April 3, AD 33 bilang petsa ng krusipiksiyon, ang kumbersiyon ni Pablo ay maaaring naganap noon AD 34, at nag-iiwan ng isang taon o lagpas nang kaunti para sa mga pangyayari ng Gawa 1-9. Sa kasong ito, ang epistula ni Santiago ay maaaring petsahang kasin-aga ng AD 34.

Kung ituturing na maagang sinulat ang Santiago, bago ang pagkalat ng ebanghelyo sa mga Gentil, mauunawaan natin ang pariralang *labindalawang angkang nasa Pangangalat*. Ang mga salitang *nasa Pangangalat* ay salin ng mga salitang Griyegong *en te diaspora*.

Mula sa kanilang nagkakaisang sitwasyong komunal sa Jerusalem (cf Gawa 4:32-35), ang mga unang Cristiano ay “nangalat” sa buong Judea at Samaria. Sa katotohanan, sa Gawa 8:1, ang mga salitang *nagsipangalat* ay salin ng *diasparesan*, na mula sa parehong salitang ugat na Griyegong *diaspora*. Kung ang Santiago ay sinulat sa nangalat na mambabasang ito ilang sandali matapos nang nakakabagabag na karanasang ito, makikita nating lapat na lapat ang diing pastoral ng manunulat sa espirituwal na halaga ng mga pagsubok.

Maaaring sinulat ito bago pa ang ebanghelisasyon ng Samaria. Ngunit dahil sa ang mga Samaritano ay may kaugnayan sa lahi sa mga Judio, maaaring tinuturing ng mga unang Cristiano ang mga Samaritanong kumberte bilang isang pagbalik sa espirituwal na komunidad ng labindalawang angkan na bumubuo ng tunay na Israel ng panahong iyon (cf Roma 2:28-29). Ang masusing pag-aaral ng mga unang kabanata ng Gawa ay nagpapakitang hindi pa tinuturing ng mga Cristiano ang Simbahan bilang hiwalay na entidad sa Israel sa layon at katangian. Ang kaliwanagang ito ay dumating kalaunan sa pamamagitan ni Pablo at sa pamamagitan ng ibang *mga banal na apostol at propeta* ng unang Simbahan (Ef 3:5).

Bilang pagbubuod, ang Epistula ni Santiago ay isang sulat pastoral na sinulat sa mga nagngalat na mananampalatayang Judio sa Palestina marahil *bago* ang inisyal na misyon ni Pablo sa mga Gentil, samakatuwid, *sa Arabia* (Gal 1:17). Minumungkahi nito ang petsang AD 34 o 35. Sa pananaw na ito, ang Santiago ang pinakamaagang dokumento ng BT (ang Galatia, ang sunod na aklat na nasulat, ay mapepetsahan ng mga ligid sa AD 49).

Layon

Sumulat si Santiago sa mga Cristianong nangalat (1:1) dahil sa pag-uusig na sumunod sa pagkamatay ni Esteban. Marahil humupa na ang pag-uusig na ito (tingnan ang Gawa 9:31). Walang duda, sariwa pa sa isipan ng mga mambabasa ang kanilang kamakailang kabagabagan. Ngunit sapat na oras na ang lumipas upang may lumitaw na mga bagong problema, at ang istres na dulot ng mga ito ay makikita sa iba’t ibang problema sa loob ng simbahan, gaya ng pag-aaway at pagtatalo (4:1). Ang sulat ni Santiago ay isang pagsisikap na palakasin ang loob ng mga mananampalatayang ito na harapin ang mga pagsubok nang may pananampalataya at pagtitiis (5:7-8, 10), at upang muling buhayin ang diwa ng katahimikan sa loob ng mga simbahan (5:9).

Ang estruktura ng sulat ni Santiago ay makatutulong sa ating lalong linawin ang kaniyang layon. Ang tatlong admonisyon sa 1:19, “nguni’t magmaliksi ang bawa’t tao sa pakikinig, magmakupad sa pananalita, magmakupad sa pagkagalit,” sa katotohanan, ang susi sa debelopment ng sulat. Ginamit ni Santiago para sa kaniyang sulat ang bantog at subok na estruktura sa pagtatalumpati na ginagamit ng mga sinaunang manunulat ng retorika. Siyempre, gaya nang pinunto ng mga kontemporaryong retorikal na kritisismo, ang mga dokumento ng BT ay sinulat sa layong basahin sa publiko sa mga simbahan. Kung ganuon, ang sulat ni Santiago ay maituturing na isang talumpati o sermong nasusulat. Ang basikong elemento nito ay ang sumusunod: panimula o prologo (1:2-18), na sinundan ng paksang pahayag (1:19-20); isang katawang tinatawag ng mga retoristang Griyego na *kephalaia*, o “mga pangulo” (1:21-5:6); at epilogo (5:7-20). Ang balangkas sa ibaba ay nagpapakita ng estrukturang ito.

Ngayong naipresenta na ang kabuuang planong ito, ang paksang materyal sa 1:19-20 ay nagpapakita ng layon ni Santiago gaya ng pinapakita ng sumusunod na balangkas.

BALANGKAS

- I. Pagbati (1:1)
- II. Prologo: Tamang Tugon sa Mga Pagsubok (1:2-18)
- III. Paksa: Tamang Gawi sa Harap ng Pagsubok (1:19-20)
- IV. Katawan: Pagyamanin ang Kinakailangang Gawi (1:21-5:6)
 - A. Maliksi sa Pakikinig (1:21-2:26)
 - B. Makupad sa Pagsasalita (3:1-18)
 - C. Makupad sa Pagkagalit (4:1-5:6)
- V. Epilogo: Magtiis sa Harap ng mga Pagsubok Hanggang sa Katapusan (5:7-20)
 - A. Ang Pagtitiis ay May Karampatang Gantimpala (5:7-11)
 - B. Ang Pagtitiis ay May Kasamang Panalangin (5:12-20)

KOMENTARYO

I. Pagbati (1:1)

1:1. Ang may-akda ng epistula ay malinaw na si Santiago, isa sa mga hating-kapatid ni Jesus (tingnan ang *Panimula*). Isa rin siyang prominenteng pinuno sa simbahan sa Jerusalem. Ngunit hindi niya pinanghawakan ang anumang prestihiyosong titulo kundi tinawag niya ang sarili bilang **alipin ng Diyos at ng Panginoong Jesucristo**. Ang kapakumbabaang ito ay inaasahan sa kaniyang lumaki sa parehong sambahayan kasama ang walang kasalanang Anak ng Diyos.

Kausap ni Santiago ang mga mambabasang tinawag niyang **labindalawang angkanong nasa Pangangalat**. Kung ang epistula ay sinulat sa mga Judiong Cristiano kasunod ng unang pag-uusig ng simbahan sa Jerusalem (c. AD 35; tingnan ang *Panimula*), ang mga sinulatan ay mga tunay na *nananampalatayang* Israel sa gitna na ng mas malaking bansang Judio (cf Rom 2:28-29; 9:6-8).

II. Prologo: Tamang Tugon sa Mga Pagsubok (1:2-18)

A. Tanggapin ang mga Pagsubok (1:2-11)

1:2-4. Tinawag ni Santiago ang kaniyang mga mambabasa bilang **mga kapatid ko**, hindi dahil sila ay kapwa mga Judio, kundi dahil sila ay pinanganak mula sa itaas, *ipinanganak sa pamamagitan ng salita ng katotohanan* (1:18; cf Gawa 9:30; 10:23, atbp). Ang anyong ito ng pagbati, *mga kapatid ko*, ay malimit sa epistulang ito (1:16, 19; 2:1, 5, 14; 3:1, 10, 12; 4:11; 5:7, 9, 10, 12, 19). Kahit ang superpisyal na pagbasa ng 1:2-18 ay magpapakitang tinuturing ng may-akda ang kaniyang mambabasa bilang mga Cristiano. Masasabing walang anumang indikasyon sa kahit saang bahagi ng epistula- wala kahit sa 2:14-26- na nagpapakita ng anumang uri ng pag-aalinlangang ang kaniyang mga sinulatan ay kaniyang mga kapatid sa Panginoon. Kapag ang simple at hayag na katotohanang ito ay hindi kinilala, ang isang tao ay maaaring mahulog sa putikan ng mga maling interpretasyon, gaya ng nangyari sa maraming ekspositor ng Santiago.

Ang mga salitang **ariin ninyong buong kagalakan** ay ang aktuwal na panimulang mga salita ng v2 (sa Griyego). Sila ay may tunog ng tagumpay na nais ni Santiagong marinig sa kaniyang mga Cristianong kapatid. Dapat silang magalak sa gitna ng mga pagsubok sapagkat ang mga pagsubok ay may positibo at kapakipakinabang na layon sa plano ng Diyos. At ang layong ito ay hinayag na isang bagay na alam ng mga mambabasa. Ang intensiyon ng Diyos at hinayaan Niya ang pananampalatayang dumaan sa pagsubok ay upang lumikha ng **pasensiya**, o mas akma, “pagtitiis” o

“pakatagal.” Ang Diyos ay nasa gawain ng pagtatag ng malalakas na Cristianong lalaki at babae na kayang magtiis sa mahihirap na panahon nang walang panghihina.

Ngunit ang mga mananampalataya ay hindi dapat mawalan ng pasensiya. Ito ang diin ng v4. Nang sinabihan ni Santiago ang kaniyang mga sinulatan na pabayaang ang **pagtitiis na magkaroon ng sakdal na gawa**, pinapakahulugan niyang hayaan ang Panginoong tapusin ang kaniyang sakdal na gawa ng pagtitiis sa gitna nila. Siyempre, nang sinabi ni Santiagong *sakdal*, hindi niya ibig pakahulugang perpeksiyon. Ang mga salitang **sakdal at ganap**, ay halos magkapareho ang kahulugan, na maaaring isulat bilang: “na kayo ay maging kumpleto at buo, na walang anumang kakulangan.”

1:5. Isa sa mga kakulangang madalas na pinalilitaw ng mga kabagabagan ay ang kawalan ng karunungan. Samakatuwid, upang magawa ng “pagtitiis” ang kaniyang “sakdal na gawa”, ang kakulangan sa **karunungan** ng mga mananampalataya ay kailangang mapunan. Hindi tinutukoy ni Santiago ang kahit ano na lang o ang lahat na uri ng *karunungan*, dahil ang mga mananampalataya ay laging magkukulang sa maraming bagay habang nasa katawang ito. Sa halip, sa kontekstong ito, tinutukoy ni Santiago ang partikular na karunungan kailangan upang maharap ang *iba’t ibang pagsubok* na kanilang naranasan.

Kung ang isang partikular na pagsubok ay naghayag ng isang partikular na kawalan ng karunungan sa isang bagay, ano ang dapat gawin ng isang mananampalataya? Ang sagot ni Santiago ay manalangin para sa karunungan ito. Nais ng Diyos na magbigay ng karunungan at binibigay Niya ito nang buong kasaganahan. **Humingi**, pag-uulit ni Santiago, at **ito’y ibibigay sa kaniya** (cf. Mat 7:7; Lukas 11:9).

1:6. Subalit may isang estipulasyon. Ang paghingi ng karunungan ay dapat gawin sa **pananampalataya**. Nangangahulugan din itong ang paghingi ay gawin nang **walang anumang pag-aalinlangan**. Ang pananampalataya at pag-aalinlangan ay magkasalungat. Kapag ang isang tao ay nag-aalinlangan, hindi siya nananampalataya. Kapag ang isa ay nananampalataya, siya ay hindi nag-aalinlangan. (Tingnan ang Mat 14:31; 21:21; 28:17; Marcos 11:23; Rom 14:23). Ang Cristianong lumalapit sa Diyos para sa karunungan ay dapat lumapit nang may tahimik na kumpiyansa sa Panginoon. Kapag ang kaniyang puso ay hinampas ng pag-aalinlangan sa kagustuhan o kakayahan ng Diyos na ibigay ang hiniling, ang Cristianong ito ay **katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila**. Samakatuwid, siya ay nasa kamay ng walang katiyakan at kalituhan.

1:7. Ang kaniyang kabiguang magtiwala sa Kaniyang nilapitan niya sa panalangin ay isang seryosong bagay. Sa katotohanan, ito ay isang insulto sa Diyos mismo. Ang taong ito ay **huwag umasang siya’y tatanggap ng anoman bagay sa Panginoon**. Kung paanong ang Cristianong pamumuhay ay nagsimula sa kumpiyansang ang buhay na walang hanggan ay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, ganuon din ang nagpapatuloy na pangangailangan ng mananampalataya ng karunungan ay dapat hingiin sa Diyos na may kaparehong kumpiyansa.

Sa kabilang banda, hindi dapat palagayin ng sinumang ang sagot sa panalangin para sa karunungan ay darating na tila guhit ng kidlat sa sandaling hingiin ito. Ang konklusyong ito ay winawalang bahala ang konteksto ng kaisipan ni Santiago rito. Sinabi pa lang ni Santiago na ang layon ng Diyos sa mga pagsubok ay upang punan ang mga espirituwal na bagay na kulang (v3-4). Kung ganuon, maaasahan ng isang tao na tutugunin ng Diyos ang kaniyang panalangin para sa karunungan sa pamamagitan ng pagsubok mismo, habang siya ay *nagtitiis* hanggang sa ang *sakdal na gawa* ng Diyos ay matupad. Ang akmang panalangin ay, “Ama, tulungan mo akong matamo mula sa pagsubok na ito ang karunungan nais Mong matamo ko.”

1:8. Ang Cristianong hindi buo ang isipang iwanan nang may kumpiyansa ang kaniyang pangangailangan sa mga kamay ng Diyos ay walang estabilidad espirituwal. Siya ay may **dalawang akala** (*dipsychos*, “dalawang kaluluwa”), isang uri ng “hating personalidad.” Isang bahagi ng kaniyang

pagkatao ay nauunawaang kailangan niyang iwan sa kamay ng Diyos ang kaniyang pangangailangan sa karunungan, samantalang pakiramdam ng kabilang bahagi na kaya niya at dapat niyang solusyunan ang suliranin nang mag-isa. Ang resulta ng panloob na pagtatalong ito ay isang liko-likong kurso ng pagkilos na puno ng pagkakamali at maling simula. Ang Cristianong pinaghahalo ang kawalan ng karunungan at ang espiritu ng “mapag-alinlangang Tomas” ay pangunahing kandidato sa paggawa ng maraming pagkakamali. O gaya ng sinabi ni Santiago ay **walang tiyaga** o walang estabilidad **sa lahat ng kaniyang mga paglakad**.

1:9. Kung ganuon, paano tatanggapin ng **kapatid na mababang kapalaran** ang mga pagsubok? (Sa paggamit ng *kapatid na mababang kapalaran*, marahil ang ibig sabihin ni Santiago ay “mahirap na kapatid” dahil siya ay kinumpara sa *mayaman* [na kapatid] sa v10.) Hindi ba’t ang kapatid na mababang kapalaran ay may sapat ng problema nang dahil sa kaniyang kalagayan? Paano ang kapatid na gaya nito ay *kalmadong*, oo may kagalakan pa, harapin ang mga karagdagang pagsubok na dumarating sa kaniya, lalong lalo na ang mga lumilitaw dahil sa kaniyang pagiging Cristiano? Ang solusyon ni Santiago ay simple. Kailangang ituring ng kapatid ang kaniyang mga pagsubok na **mataas na kalagayan**.

Ang dalawang dahilan sa pagsagawa nito ay iminungkahi sa dagliang konteksto. Una, binibigyang atensiyon ng Diyos ang *kapatid na mababang kapalaran* sa pamamagitan ng paggamit ng mga pagsubok upang gawin siyang mas mabuting tao (v3-4). Walang karangalan ang tataas kaysa maging layon ng mabiyaya at mapagmahal na pagmamalasakit ng Diyos. Bukod diyan, ang Diyos ay naghahandang ibigay sa kapatid na ito ang *putong* o *koronang* dumarating sa mga nakatiis sa pagsubok (tingnan ang v12 at ang talakayan dito). Ito ay isa ring *mataas na kalagayan*. Samakatuwid, ang *mataas na kalagayan* o *eksaltasyon* ng kapatid ay parehong pangkasalukuyan (sa gitna mismo ng pagsubok) at prospektibo sa hinaharap (sa kalalabasan ng pagsubok). Ito ang dapat na pananaw ng mahirap na kapatid pagdating sa kabagabagan.

1:10. Ang sitwasyon ay iba para sa **mayamang** kapatid. Ang mayamang kapatid ay dapat magmapuri (implikasyon mula sa v9) sa kaniyang mga personal na pagsubok dahil siya ay **pinababa**, isang uri ng kababaan. Gaya ng lahat ng taong sagana sa materyal na kayamanan, madaling malimutan ng mayamang Cristiano na **siya’y lilipas na gaya ng bulaklak ng damo**.

Subalit ang mga pagsubok ay maaaring gamitin ng Diyos upang ipaalala sa kaniya ang kaiklian ng kaniyang buhay sa lupa at kung gaano kadali mawawala ang mga materyal na pag-aari (cf Lukas 12:18-21). Dapat siyang magalak sa kaniyang mga pagdurusa dahil pinababa siya ng mga ito at dahil, siya ay isang tao lamang na ang buhay ay “singaw na sa sangdaling panahon ay lumilitaw, at pagdaka’y napapawi” (San 4:14).

1:11. Upang bigyang-diin ang kaniyang punto, kinumpara ni Santiago ang mayamang lalaki sa isang *damo* ng kaparangan kung saan **naluluoy ang mga damo** dahil sa **sumisikat na araw na may hanging nakakasunog**. Ang **kaniyang mga paglakad** ay matitigil kapag siya ay namatay. Maaaring gamitin ng Cristiano ang okasyon ng kaniyang kabagabagan upang paalalahanin ng mga ito.

B. Huwag Akusahan ang Diyos (1:12-18)

1:12. Sinimulan dito ni Santiago ang kaniyang ikalawang panimula. Ang taong may saloobing pinayo ni Santiago sa v2-11, ay **nagtitiis ng tukso** (*peirasmos*; parehong salitang sinaling *pagsubok* sa v2) at makakaasa ng gantimpala. Ang pagtitiis ng tukso (at ng mga pagsubok) ay magreresulta sa **pagkasubok sa kaniya**. Sa paggamit ng salitang *pagkasubok* (*dokimos*), tinutukoy ni Santiago ang development ng karakter na nabanggit sa v2-4 (cf Roma 5:3-4a). Ang Cristianong ang pagtitiis sa gitna ng mga pagsubok ay nakipagtulungang makagawa ng subok na karakter (*dokimen*) ay tunay ngang *pinagpala* ng Diyos.

Ang dahilan kung bakit siya ay dapat na ituring na **pinagpala** (dahil siya ay nasubok) ay **siya'y tatanggap ng putong ng buhay**. Ang tanong ay kung ang **putong** ba **ng buhay** na tinutukoy ni Santiago ay isang pangkasalukuyang benepisyo o benepisyo sa hinaharap. Alin mang sa dalawang pananaw ay posible, ngunit ang *buhay* na pinag-uusapan ay hindi dapat maipagkamali sa libreng kaloob ng buhay na madaling babanggitin ni Santiago (v17-18; cf Rom 6:23; Pah 22:17, atbp). Malinaw na ang v12 ay tumutukoy sa *gantimpala* para sa pagtitiis ng pagsubok.

Kung ang tinutukoy ay gantimpala sa *hinaharap*, maaaring ituring na paralel na sitas ang Gal 6:8, kung saan ang mga gawa ng isang mananampalataya ay pineresenta bilang pag-ani sa hinaharap ng *buhay na walang hanggan*. Bagama't ang buhay na walang hanggan ay inisyal na tinanggap bilang isang kaloob, ang posibilidad na matamo pa ito "nang mas sagana" (Juan 10:10) ay inalok sa masunuring mga Cristiano.

Ang pinakamalamang na nasa isipan ni Santiago ay ang paraan ng Diyos upang pagyamanin ang *pangkasalukuyang* karanasan ng buhay, kapag ang pagsubok ay matagumpay na natiis. Ang interpretasyong ito ay may mataas na probabilidad sa liwanag ng kalaunang pahayag ni Santiago sa 5:11. Malinaw na ang pahayag na ito ay nagpapatuloy sa paksa ng 1:3-12, kabilang na ang reperensiya sa "mapalad" (1:12) sa mga salitang "tinatawag... mapalad" (5:11). Bawat Judeo-Cristianong mambabasa ng Santiago ay nakakaalam kung paano pinutungan ng Diyos ang buhay ni Job ng mga pagpapala matapos ang kaniyang mga pagsubok. Samakatuwid, malamang na ang nasa isip ni Santiago ay ang pagpapayaman ng *temporal* na karanasan sa *buhay* (laging totoo sa espirituwal, minsan sa mga materyal) sa kaniyang ekspresiyon na *putong ng buhay*.

Sa panghuli, ang karanasang ito ay para sa **sa mga nagsisiibig sa Kaniya**. Tanging sa mga ito lamang *ipinangako* ng Diyos ang *putong ng buhay*. Sa katotohanan, masasabi nating ang *iba't ibang pagsubok* ng mga mananampalataya ay masasabing pagsubok ng kanilang pag-ibig para sa Diyos. Sa bawat pagsubok ay dumarating ang taksong labanan ang kalooban ng Diyos sa pagpadala sa pagsubok, o ang taksong mamuhi rito at itanggi sa Diyos na gawin ang mga gawang makabubuo ng karakter na nais Niyang gawin. Tanging kapag sila ay nagpapasakop nang may pag-ibig sa makapangyarihang kamay ng Diyos nila masusumpungan ang *putong ng buhay*.

1:13. Sa puntong ito ng kaniyang prologo, maingat na binago ni Santiago ang kaniyang gamit ng *peirasmos* mula sa mas malawak nitong kahulugan na "pagsubok" o "pagsusulit" sa mas makipot nitong kahulugan na "tukso" o "solisitasyon upang gumawa ng masama." Sa bawat "pagsubok" (malawak na kahulugan) ay may "tukso" rin upang gumawa ng masama (makipot na gamit).

Ang taong nagsasabing, "**Ako'y tinutukso ng Dios,**" ay nalimutang **ang Dios ay hindi matutukso sa masamang bagay, at hindi rin naman siya nanunukso sa kanino man**. Sa halip, ang pinagmumulan ng tukso ay ang panloob na hila ng *sariling masamang pita* ng isang tao. Kung ang tao ay hindi masama, wala silang mga ganitong pita at malaya sa anumang maling pagnanasa.

Kung **ang Diyos ay hindi matutukso sa masamang bagay**, marami ang nagtataka paano natukso si Jesus. Bagama't si Jesus ay tao, Siya ay sakdal at banal, at walang makasalanang kalikasan. Ganuon pa man, Siya ay tinukso ni Satanas sa Kaniyang laman, hindi sa Kaniyang pagka-Diyos.

1:14. Malinaw sa pasaheng itong wala sa isip ni Santiago ang "tukso" sa subhetibong diwa. Lahat ng pagpapagal ni Satanas ay upang dalhin ang mga tao sa kasamaan at lahat ng panunukso ng sanlibutan ay walang epekto sa isang tao malibang **siya ay nahihila ng sariling masamang pita at nahihikayat**. Walang tukso, malibang masumpungan ng isang tao ang kasamaan na kahikahikayat.

Inapirma ni Santiagong hindi tinutukso ng Diyos ang sinuman. Nangangahulugan itong hindi personal na ahente ng tukso ang Diyos, bagama't ang mga salita ni Santiago ay nagbibigay ng puwang sa katotohanang *hinahayaan* ng Diyos ang *iba na* manukso. Isang klasikong halimbawa si Job. Hindi ang *Diyos mismo* ang tumukso kay Job ngunit *hinayaan* Niya si Satanas na gawin ito.

Samakatuwid hindi maaaring akusahan ng mga mambabasa ni Santiago ang Diyos ng responsabilidad sa anumang taksong kanilang hinaharap. Sa halip, nasa kanila ang responsabilidad dahil sa masamang pita ng kanilang mga puso.

1:15. Sinusog ngayon ni Santiago ang potensiyal na kapahamakang maaaring dalhin sa tao ng kaniyang masasamang pita. Ang lenggwaheng kaniyang ginamit ay ang lenggwahe ng panganganak. Ang kahalayan (na kinumpara sa isang babae) ay “naglihi” at **nanganganak (tiktei) ng kasalanan**.

Ang *kahalayan*, ayon kay Santiago, ay ang ina ng kasalanan. Ang paglilihi ay nangyayari kapag ang pita, o kahalayan, ay nakipag-isa sa kalooban ng tao, kaya ang kapanganakan ng kasalanan ay dinetermina ng puso. Ngunit matapos na maipanganak ang kasalanan sa pamamagitan ng kahalayan, ito ay lumalago (o nauulit) hanggang sa lumaki (**pagka malaki na**). ang kasalanan naman ay nagkakaroon ng kaniyang sariling anak- samakatuwid, ang **kamatayan** (ang kasalanan... **ay namumunga** [apokyeo, “nanganganak”] ng *kamatayan*).

Ang *kamatayan*, kung ganuon, ay apo ng makasalanang pita, o *kahalayan*. Ang *kamatayan* ay ang hantungan ng pagnanasa ng isang tao. Ang puntong ito ay inulit ni Santiago sa 5:20. Ang katotohanang ang pisikal na *kamatayan* ang huling hantungan ng makasalanang gawi ay paulit-ulit na hinayag sa Aklat ng Kawikaan (hal., 10:27; 11:19; 12:28; 13:14; 19:16). Dahil sa ang sinulatan ni Santiago ay kaniyang mga kapatid na Cristiano (tingnan ang *talakayan* sa San 1:2), malinaw na kahit ang isang Cristianong ipinanganak nang muli ay maaaring makipaghuntaan sa hindi napapanahong pisikal na *kamatayan* sa pamamagitan ng pagkahulog sa kaniyang makasalanang pita. Ito ay isang bagay na dapat malalim na pagnilayan ng lahat. Ngunit ang agyat na pagsisisi mula sa kasalanan, samakatuwid ay ang pagtalikod sa kamalian ng kaniyang daan (5:20), ay puputol sa kasalanan bago pa ito *lumaki* at magliligtas sa nagkasala *mula sa kamatayan*.

1:16. Kaya ang mga Cristianong kapatid ni Santiago ay dapat mag-ingat na **huwag padaya**. Ang tukso ng kasalanan ay hahantong sa pisikal na *kamatayan*, at ang *kamatayan* ay kabaligtaran ng uri ng kaloob na laging binibigay ng Diyos. Sa katotohanan, ang *kamatayan* ay konsekwensiya ng kasalanan (Roma 6:23), ngunit ang Diyos ay tunay na Tagapagbigay.

1:17. Siya ay ang walang kapintasang Mapagbigay na Diyos, hindi gaya ng ibang mapagbigay sa lupa. **Ang bawat mabuting kaloob at ang bawat sakdal na kaloob** ay mula sa Kaniya at kung ganuon ay **buhat sa itaas**. Maaari sanang sabihin ni Santiagong ang Diyos ay nagbibigay lamang ng mga *mabuti at sakdal na kaloob*, ngunit higit pa rito ang kaniyang sinasabi. Kung saan may masumpungang sakdal na kaloob, ang kaloob na iyan ay *buhat sa itaas*. Ang lahat ng kaloob ng mga tao, bilang pagkukumpara, ay hindi sakdal dahil ang nagbibigay na tao ay hindi sakdal. Tanging ang Diyos ang makapagbibigay ng mga *sakdal na kaloob*. Ito ay dahil Siya ay **Ama ng mga ilaw, na walang pagbabago, ni kahit anino man ng pag-iiba**. Ang Diyos ay hindi nagbabago sa Kaniyang gawain ng pagbibigay.

1:18. Higit sa anupaman, dapat batid ng mga Cristiano ang katotohanang ito (v17), at ang mga mambabasa ni Santiago ay mga Cristiano. Dahil dito, masasabi ni Santiago tungkol sa kaniyang sarili, at tungkol sa kaniyang mambabasa, na **sa Kaniyang sariling kalooban ay Kaniya tayong ipinanganak**, samakatuwid Siya ang “nag-anak” sa atin.

Ang pahayag na ito ay malinaw na may kinalaman sa konteksto. Ang salitang ginamit ni Santiago para sa Kaniya *tayong ipinanganak (apokyeo)* ay ang parehong salitang ginamit sa v15 para sa “namumunga.” Sinasabi ni Santiagong ang kasalanan ay “nanganganak” ng *kamatayan*, ngunit ang Diyos ay “nanganganak” ng *mga mananampalataya*! Bukod diyan, ito ay walang kinalaman sa “kalooban” ng tao, na hindi sakdal, na maaaring maging dahilan upang hindi masakdal ang kapanganakang ito. Sa halip, ang bagong kapanganakan ay nagmula sa kalooban ng *Diyos (Sa Kaniyang sariling kalooban)* at bunga **ng salita ng katotohanan**.

Ang papel ng Diyos sa kumbersiyon ay mailalarawan bilang isang rebeletaryo. Bilang gawa ng *Kaniyang sariling kalooban* inutos Niya ang Liwanag na suminag sa puso ng isang tao upang kaniyang maunawaan ang liwanag na iyan sa pananampalataya, gaya nang sinabi ni Jesus kay Pedro matapos

nang kaniyang pahayag (Mateo 16:17). Hindi nito inaalís ang responsabilidad ng tao na hanapin ang Diyos at ang liwanag na tanging Siya ang makapagbibigay (Gawa 17:26, 27; Heb 11:6).

Samakatuwid, ang turong tinatawag na “Lordship salvation” ay mali. Sa pagpipilit na ang nagliligtas na pananampalataya ay isang gawa ng kalooban, sinisira nito ang Biblikal na konsepto ng pananampalataya bilang pagtanggap ng katotohanan ng Diyos. Ang Biblikal na nagliligtas na pananampalataya ay ang kumbiksiyon o pagkakumbinse sa sinasabi ng Diyos sa evangelio (Roma 4:21). Walang puwang rito ang kalooban ng tao- kahit pa impluwensiyado ng Espiritu ng Diyos. Inutos ng Diyos ang liwanag ng Kaniyang Salita na suminag sa puso ng isang tao, at gaya ng mga bulag na lalaking nakakita sa isang iglap, nakilala niya ito bilang katotohanan (2 Cor 4:6). Sa sandaling tinanggap bilang katotohanan, samakatuwid sinampalatayahan, wala ng lugar ang kalooban ng tao para gumawa. Ang pananampalataya at kapanganakang muli ay naganap na.

Ang resulta ng kahangahangang kalooban at Salita ng Diyos ay ang ating kapanganakang muli bilang **isang uri ng mga pangunahing bunga ng Kaniyang mga nilalang**. Ang salin ng NKJV **that we might be (upang tayo ay maging)** ay bahagyang hindi malinaw gaya ng orihinal na Griyego (*eis to eisnai*). Ang pariralang Griyego ay maaaring magsabi ng *layon* o ng *resulta*. Kung ang ideya ay *layon*, ang sinasabi ni Santiago ay, “Ipinanganak tayo ng Diyos upang pagkatapos tayo ay maging...” Kung ang ideya ay *resulta*, ang mga salita ay nagmumungkahing, “Ipinanganak tayo ng Diyos upang tayo (sa ngayon) ay isang uri ng mga pangunahing bunga...” Ang panghuling ideya ay mas natural dahil ito ay nagbibigkis sa pahayag ni Santiago na ang mananampalataya ay resulta ng kapanganakan ng Diyos.

Ang punto ni Santiago ay ang kaloob ng Diyos na bagong buhay ay *napakabuti* at *napakasakdal*, na kapag ang isang tao ay taglay ang buhay na ito, ang taong ito ay pauna sa gagawin ng Diyos para sa *Kaniyang mga nilalang* (ang buong sanlikha). Kung paanong ang unang ani mula sa bukid (*pangunahing bunga*) ay nagmumungkahi ng kalidad ng kabuuan ng ani, ganuon din naman, ang kapanganakang muli ng mananampalataya ay napakakahangahanga anupa’t ang plano ng Diyos para sa sanlikha ay matatawag ring *kapanganakang muli* (Mat 19:28). Bagama’t kinikilala ni Santiagong ang analohiya ay hindi eksakto (ang mga mananampalataya ay *isang uri ng pangunahing bunga*), ngunit epektibo nitong nailarawan ang kaniyang punto. Walang kapintasan sa kalooban ng bagong buhay; dahil kung mayroon, hindi ito tunay na modelo ng nais gawin ng Diyos para sa buong sanlikha.

III. Paksa: Tamang Gawi sa Harap ng Pagsubok (1:19-20)

1:19. Hinayag na ngayon ni Santiago ang kaniyang sagot sa tanong kung paano umakto sa ilalim ng nakakabagabag na sirkumstansiya. Ang salitang **samakatuwid** ay nagpapakita ng koneksiyon sa nabanggit na sa unahan. Masasabing ang mga pahayag sa v19-20 ay paksa ng buong epistula. Bagama’t ang payong taglay ng mga ito ay mabuting payo sa lahat ng pagkakataon at sitwasyon, ang mga pangaral na ito ay may espesyal na kaangkupan para sa mga dumaraan sa pagsubok at pagsusulit. May tatlo siyang admonisyon.

Una, **magmaliksi ang bawat tao sa pakikinig**. Ang kahandaang makinig nang maayos ay esensiyal na sangkap sa lahat ng matagumpay na pagtitiis sa ilalim ng pagsubok. Bagama’t kailangan ang katangiang ito sa lahat ng panahon, kapag ang mananampalataya ay nakararanas ng pighati, kailangang kailangan niyang makinig sa karunungan inaalok ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Salita o sa pamamagitan ng payo ng iba na ayon sa Salita.

Ngunit ang tipikal na tao ay mas maliksing **magsalita** sa oras ng pagdurusa kay sa **makinig**. Dahil dito, ang ikalawang admonisyon ay **magmakupad sa pananalita**. Dapat nating pigilan ang ating kaliksihang ibuhos ang lahat nating iniisip o nararamdaman kapag nasa ilalim ng pagsubok. Gaya nang madalas masabi, hindi matututo ang sinuman kapag siya ay salita nang salita! Kailangan nating bigyang-diing ang tagumpay ni Job sa ilalim ng pagsubok ay pinalapot ng kaniyang maikli ngunit makahulugang mga pahayag sa Job 1 at 2 (1:21; 2:10). Nang siya ay nakipagsagutan sa kaniyang mga umano’y kaibigan sa isang mahabang dayalogo, saka lamang lumabnaw ang kaniyang tagumpay sa

pagsubok. Mahalagang kasanayan para sa lahat na nasa ilalim ng pagsubok na takpan ang bibig, sa madaling salita, ay *magmakupad sa pananalita*.

Ang ikatlong admonisyon ay **magmakupad sa pagkagalit**. Alam ng lahat na ang *galit* (*orge*, “poot”) ay isa sa pinakamadalas na reaksiyon ng sangkatauhan sa panahon ng paghihirap. Ang puso ng tao ay madaling tangayin ng mga pangit na pangyayari sa pagkagalit. Magsisimulang sisihin ng tao ang iba o maging ang Diyos para sa kanilang problema. Malinaw na ang kakayahang iwasan ang galit sa mga ganitong panahon ay isang kahangahangang katangian.

1:20. Ngunit ang katangiang ito ay hindi lamang kahangahanga; ito ay panksiyonal o gumagana.

Sapagkat, dagdag ni Santiago, **ang galit ng tao ay hindi gumagawa ng katuwiran ng Diyos**. Ang pangunahing layon para sa Cristianong sumasailalim sa pagsubok ay ang realisasyon ng katuwiran ng Diyos sa kaniyang buhay. Ang moral na pag-unlad na matatamo ng tao sa pamamagitan ng mga pagsubok (cf v2-4) ay sa huling analisis o pagsusuri ay paglago sa katuwiran at sa pagkamaka-Diyos.

Tinatapos ng v19-20 ang Prologo at nagbigay ng patikim sa pangunahing laman ng epistula. Ang paksa ng Epistula ni Santiago ay pagsubok; ang tema nito ay tamang kilos sa ilalim ng pagsubok. Kabilang sa mga kilos na ito ang kaliksihan sa pakikinig, kakuparan sa pagsasalita at kakuparan sa pagkagalit.

D. *Maliksi sa Pakikinig (1:21-2:26)*

1. Hindi basta pakikinig lamang (1:21-27)

1:21. Ngayong ang paksa ng epistula ay nasumaryo na ni Santiago (v19-20), nagpatuloy siya sa eksposisyon ng kaniyang tema. Ang salitang **kaya’t** (*dio*) ay tanda ng bagong pagtalakay. Hindi sapat para sa manunulat na ihayag lamang ang mga hinihingi ng v19. Kailangan niya ring suriin ang kanilang mga ramipikasyon. Napakadali para sa tagapakinig na angkining, “Siyempre maliksi ako sa pakikinig ng Salita ng Diyos!” Ngunit susubukin ng eksposisyon ni Santiago ang realidad ng pag-aangking ito.

Ang mambabasa na nais **tanggapin ninyo ...ang salitang itanim** ay kailangang ihanda ang kaniyang sarili sa negatibo at positibong pamamaraan. Sa negatibong paraan, kailangan niyang **ihimalay ninyo ang lahat na karumihan at ang pagapaw ng kasamaan**. Sa positibong paraan, kailangan niyang **tanggapin** (o “i-welcome” [*dexasthe*]) ang Salita **na may kaamuan**.

Ang kinakailangang preparasyon upang maging “tagapakinig” ng Salita ay ang pag-aalis ng kasamaan mula sa sarili. Ang salitang sinaling *ihimalay* (*apotithemi*) ay madalas gamitin sa paghuhubad ng damit. Ang kasamaan mismo ay nilarawan bilang *lahat na karumihan* at bilang *pag-apaw ng kasamaan*. Tinawag ni Santiagong hindi normal ang “kasamaan” sa buhay ng isang Cristiano.

Gaya ng isang binhing naitanim sa loob nila, ang Salita ay nagbibigay ng bagong buhay sa kanila. Ito kung ganuon ay “natatanim” na Salita na likas at bahagi ng kanilang pagkatao bilang mga pinanganak na muli. (Tingnan ang gamit ni Pedro ng larawan ng *binhi* para sa bagong kapanganakan sa 1 Pedro 1:23-25). Kung paanong sa binhi ng isang sebada ay masusumpungan ang lahat potensiyal na magpapalago sa isang sebada, ganuon din sa evangelio. Bagama’t payak lamang ang mensahe ng kaligtasan, ang binhi ng buhay na naitanim nang sampalatayahan natin ang mensaheng ito ay nagtataglay ng napakalaking potensiyal na mapagyayaman lamang ng pagiging masunurin ng isang Cristiano.

Bukod diyan, ang *salitang naitanim* ay lumilikha ng napakalaking benepisyo, sapagkat sinabi ni Santiago sa kaniyang mambabasa na ito ay **makapagligtas ng inyong mga kaluluwa**. Maraming mambabasa at mga ekspositor ang may awtomatikong tugon sa pariralang *makapagligtas ng inyong mga kaluluwa* sa Ingles, na kanilang nauunawaan bilang walang hanggang kaligtasan mula sa impiyerno. Ngunit wala sa mga mambabasa ni Santiago ang makahuhugot ng kaparehong kahulugan mula sa teksto. Ang Griyegong pariralang masusumpungan dito (*sosai tas psychas hymon*) ay madalas gamitin sa diwang “iligtas ang buhay.” Ginamit ito sa Griyegong LT at ganuon din sa BT sa

kaparehong diwa (tingnan ang Gen 19:17; 32:30; 1 Sam 19:11; Jer 48:6; Marcos 3:4; Lukas 6:9). Ito rin ang malinaw na kahulugan nito sa San 5:20, na tumutukoy sa pisikal na preserbasyon ng buhay *mula sa kamatayan*. Walang lugar saan man sa Griyegong Biblia (i. e. ang BT at ang Septuaginta, ang Griyegong salin ng LT) kung saan ito ay nangangahulugang kaligtasan mula sa impiyerno. (Para sa metapora ng Panginoong nagtatalakay ng pariralang ito, tingnan ang talakayan sa Mat 16:24-28; Marcos 8:34-38; Lukas 9:23-27).

Ang kahulugang sinusuportahan ng datos- “na makapagliligtas ng inyong mga buhay”- ay ang kahulugang pinakaakma sa kontekstong ito. Ang mga mambabasa ay naipanganak nang muli (v18) at hindi na kailangan ang kaligtasan mula sa impiyerno. Bukod diyan, tinalakay pa lang ni Santiago ang nakamamatay na konsekwensiya ng kasalanan (v14-15). Sa liwanag nito, maliwanag ang kahulugan ng v21: bagamat ang kasalanan ay nagreresulta sa kamatayan, ang Salita ng Diyos, kapag tinanggap nang wasto, ay makapagliligtas ng buhay (cf Kaw 10:27; 11:19; 12:28; 13:14; 19:16).

Sa punto ng linggwistika at konteksto, at sa perspektibo rin ng karununganang Hebreo, walang lehitimong pag-aalinlangan sa nais ipakahulugan ni Santiago. Ang kunin ang mga salitang ito bilang pantukoy sa walang hanggang kaligtasan ay isang malinaw na eisegesis (ang paglalagay ng mga ideya ng isang tao sa teksto). Hangga’t ganito ang pakaunawa ng isang tao sa v21, hindi lang hindi niya mauunawaan ang sitas mismo, kundi hindi rin niya mauunawaan ang buong epistula, kabilang na ang 2:14-26!

1:22. Gaano man kahalaga ang *pagtanggap ng salitang itinanim* nang may malinis ng puso at maamong espiritu, may isa pang esensiyal na hakbang. Dapat silang maging **tagatupad ng salita**. Ang mga mambabasa ni Santiago ay hindi dapat makuntentong maging **tagapakinig** lamang; kailangan nilang sundin ito. Umaasa si Santiago sa katotohanang ang salitang “makinig,” mapa-Hebreo man o Griyego, ay maaaring mangahulugan ng pakikinig gamit ang tainga o kaya ay “responsableng pakikinig,” samakatuwid, “sumunod.” Sa kaniyang eksposisyon ng utos na *magmaliksi sa pakikinig* (v19), gusto ni Santiagong maunawaan ng kaniyang sinulatan na ang regular na pakikinig ng Salita ng Diyos sa mga pagtitipon ng simbahan ay hindi ang kaniyang iniisip. Ang *magmaliksi sa pakikinig*, sa pinakamalalim nitong kahulugan, ay nangangahulugang “maliksi sa pagsunod.” Kung iniisip ng mga mambabasang ang pakikinig sa Kasulatan ay sapat na, nagkakamali sila. Ang pananaw na kagaya nito ay **dinadaya** lamang nila ang kanilang sarili. Ang analohiya nito ay ang mga Cristianong natutuwa sa eksposisyon at pag-aaral ng Salita ng Diyos, ngunit ginagamit ang napakaliit nitong porsiyento sa kaniyang pang-araw-araw na buhay.

1:23. Pinunto ni Santiago ang katotohanang ang pakikinig ng Salita nang hindi ito sinusunod ay katulad ng pagtingin sa salamin at kinalimutan ang kaniyang nakita.

Ang nakita sa salamin ay nilarawan ni Santiago bilang **kaniyang talagang mukha** (*to prosopon tes geneseos autou*). Ang mas eksaktong salin ng pariralang ito ay “mukha ng kaniyang kapanganakan.” Sa salitang “kapanganakan” (*geneseos*), maririnig ng isa, tulad ng salitang “itinanim” ang alingawngaw ng naranasang kapanganakang muli ng mga mambabasa (v18). “Ang salitang itinanim [ipinunla]” (ang salamin ng Diyos; 2 Cor 3:18) ay nagpapakita sa mga tagapakinig na Cristiano ng kanilang talagang “mukha” ng kanilang bagong kapanganakan sa pamilya ng Diyos. Pinapakita nito kung ano sila *kay Cristo* at kung paano kumilos nang ayon sa imaheng ito.

1:24. Ang ganitong uri ng Cristianong moralidad ay pundamental na katangian ng mga epistula ng BT. Nagsimula tayo sa pagkilala kung ano tayo sa biyaya ng Diyos, at inutusan tayong kumilos nang *ayon* dito (cf Rom 6:5-14; 1 Cor 6:15, 19-20; Gal 2:20; Ef 4:1; Col 3:1-4; 2 Ped 1:3-7). Ang mananampalatayang nakikinig ng Salita ngunit umaalis na hindi pansin ang pinakita sa kaniya ay gaya ng isang taong **umaalis at pagdaka’y kaniyang nalilimutan kung ano siya**. Ang maging tagapakinig lamang ng katotohanan ng Diyos ay ang paglimot sa tunay na pagkakakilanlan bilang isang pinanganak na muli at inaring matuwid na anak ng Diyos, at ang pagkilos na hindi ayon sa katotohanang ito.

1:25. Kabaligtaran ng taong ito ang Cristianong **hindi tagapakinig na lumilimot, kundi tagatupad na gumagawa**. Ang *tagatupad na gumagawa (poietes ergou)* ay ang pangkalahatang diwa ng “gumagawa.” Ito ang unang banggit ni Santiago sa mga mabubuting gawa hanggang sa 2:14-26.

Ang **sakdal na kautusan, ang kautusan ng kalayaan** ay ang espirituwal na “salamín” na tinitingnan ng mananampalataya kapag narinig niya ang “itinanim na salita.” Dahil sa ang mga utos ng kautusang Cristianong ito ay ayon sa kaniyang pinakakaloob-loobang kalikasan bilang isang taong ipinanganak na muli, ang mga utos na ito ay hindi uri ng tanikala kundi “kautusan ng kalayaan.” Ang natutunan ng Cristiano mula sa Salita (gaya ng nakita sa v23-24) ay kung paano *isabuhay* kung *ano na siya* dahil sa kaniyang ipinanganak na kalikasan. Kapag ginagawa ng isang tao ang isang bagay na likas na ekspresyon ng kaniyang totoong kalikasan, malinaw na kaniyang tinatamasa ang *kalayaang* maging siya.

Sa Cristianong **nagsisiyasat ... at nananatiling gayon** sa Salita ng Diyos ay ang taong nagpapasakop sa dibinong awtoridad (kautusan), at sa pagsagawa nito ay nasumpungan ang tunay niyang kalayaan. Madaling isiping personal na narinig ni Santiago ang sinabi ni Jesus, “Sinabi nga ni Jesus sa mga Judiong yaon na nagsisisampalataya sa kaniya, Kung kayo’y magsisipanati sa aking salita, kung magkagayo’y tunay nga kayong mga alagad ko” (Juan 8:31-32). Ang ganitong uri ng tunay at malayang pagsunod sa Diyos ay ang sikreto ng “pagliligtas ng ating mga buhay” (San 1:21) at ng pagtamasa ng iba pang mga benepisyong piniling ibigay ng Diyos sa mga mananampalataya. Sa *tagatupad na gumagawa* ng sitas na ito, hindi sa tagapakinig lamang ng Salita, sinabing **pagpapalain ang taong ito sa kaniyang ginagawa**.

1:26. Ang simbahan o mga simbahang sinulatan ni Santiago (tingnan sa *Panimula*) ay napakalayo sa kasakdalan (tingnan ang Kabanata 4). Marahil, maraming indibidwal sa mga ito na tinuturing ang kanilang mga sariling masigasig sa pagsunod sa kanilang mga pangiling panrelihiyon at dahil dito ay karapatdapat para sa mga pagpapalang binanggit ni Santiago (v25). Ngunit madalas para sa mga taong ibilang ang pagsunod sa Diyos sa pagsagawa lamang ng iba’t ibang gawaing panrelihiyon. Sa araw ni Santiago, maaaring kabilang sa mga ito ang regular na pagdalo sa mga pagsambang Cristiano, at mga panalangin at pag-aayuno. Ang mga salita para sa *relihiyoso* at “relihiyon” (v27) ay mga salitang ginamit para ilarawan ang mga gawaing ito. Ngunit hindi interesado si Santiago sa mga relihiyosong gawaing ito, gaano man kahalaga ang mga ito sa kanilang tamang lugal. Sa halip, interesado siya sa pang-araw-araw na gawi sa kanilang pakikipag-ugnayan sa ibang tao.

Balewala kay Santiago ang *relihiyon* ng sinumang Cristianong hindi marunong magpigil ng kaniyang **dila**. Walang halaga ang mga banal na panalangin sa publiko man o pribado kung ang mga labi ng nagdarasal ay puno ng pang-aalimura, panlilinglang at pang-aalipusta kapag kausap niya ang ibang tao (tingnan ang 3:9-10).

1:27. Ganuon din, anumang pag-aangking *relihiyoso* ay dinurog sa lupa ng kabiguang tulungan ang mga nangangailangan, o sa makasalanang gawing nakuha mula sa mundo ng mga hindi mananampalataya. Ang **dalisay na relihiyon at walang dungis** ay higit pa sa ilang gawing liturhikal. Ang **Diyos at Ama** ng mga mambabasa ni Santiago- ang Ama ng mga ilaw na nagpanganak sa kanila (v17-18)- ay naghahanap ng higit pa sa mga gawaing ito. Ang lubos na nagpapahayag ng Kaniyang kalikasan at karakter ay awa at personal na kadalisan. Nangangahulugan itong kailangan nilang **dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian at pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan**.

Ang sinumang Cristianong bigong makihalubilo at tumulong sa mga taong may higit na pangangailangang materyal kaysa kanilang mga sarili ay nanganganib na mahawaan ng pagkamakasari, pagkamaramot at kawalang pakikialam ng sanlibutan. Walang dami ng panalangin o pagdalo sa simbahan ang makapapalit sa pagkawala ng pag-ibig at pakikisama sa mahihirap. Ang pag-ibig sa mahihirap na sinagawa sa pamamagitan ng impersonal na pakikiisa sa pamahalaan o ibang institusyon ay hindi kaparehong bagay.

2. Higit pa sa moralidad lamang (2:1-13)

2:1. Sa pagdebelop niya ng tema ng pagiging “maliksi sa pakikinig” (tingnan ang 1:19), pinunto ni Santiagong ang *pakikinig* ay higit pa sa pakikinig lamang ng Salita. Kabilang dito ang *pagtupad* nito (1:21-25), ngunit hindi ang pagsagawa lamang ng mga seremonya kundi sa paggawa ng mga gawa ng awa sa mga nangangailangan (1:26-27). Ang mga gawang ito ay nag-iingat sa isang tao laban sa mga “dungis” (1:27) ng sanlibutan. Ang huling puntong ito ang tulay sa susunod na yunit.

Isang dungis ng sanlibutan na dapat maingat na iwasan ay **pagtatangi**. Ang pagtangi sa mayaman at paghamak sa mahirap ay mga katangian ng pagiging makasanlibutan, kaya pinipilit ni Santiagong ang diskriminasyon laban sa mahihirap ay hindi karapatdapat ng **pananampalataya** ng kaniyang mga mambabasa sa **ating Panginoong Jesucristo**. Ito ay higit na totoo dahil si Cristo ay **Panginoon ng kaluwalhatian**.

2:2. Na may kalinawan ng isang mangangaral, nilarawan ni Santiago ang magkaibang turing na maaaring tanggapin ng isang mayamang nasusuotan ng magarang damit kumpara sa isang mahirap na mukhang marungis, kapag siya ay bumisita sa isang Cristianong **assemblya**. Ang una ay aalukin ng komportableng upuan, ang huli ay bibigyan ng insignipikanteng upuan o baka wala pa. Marahil nasaksihan ni Santiago ang ganitong mga uri ng harapang *pagtatangi* (v1).

Bagama’t ang salitang Griyego para sa *assemblya* ay ang salitang ginamit para sa sinagoga, marahil ang pinakanatural na basa ay “pagtitipon.” Sa sirkulo ng mga simbahang sinulatan ni Santiago (tingnan ang *Panimula*), malabong marami ang nagtitipon sa mga lokal na sinagoga dahil ito ay nagpapahiwatig ng kumbersiyon ng karamihan sa mga miyembro ng sinagoga. Marahil, ang mga simbahang Judeo-Cristiano ng Palestina ay nagtitipon sa mga pribadong bahay kung saan may mga silid na isinantabi para sa mga pagtitipong ito.

2:3. Ang pahayag na, “**Maupo ka sa aking tungtungan,**” ay literal na “Maupo ka sa ibaba ng aking tungtungan.” Maaaring may halong ironiya na ang mahirap na bisita ay binigyan ng posisyong napakababa na siya ay *nasa ilalim* ng tungtungang pinapatungan ng paa ng nagsasalita!

Ang senaryo sa isipan ni Santiago ay maaaring ang pag-upo ng mga Cristiano sa kanilang pagsagawa ng Hapunan ng Panginoon. Kung oo, ang mayamang bisita ay pinaupo sa upuan sa silid na pagsasagawaan ng hapunan. Ang mahirap na bisita, sa isang banda, ay sinabihang tumayo (marahil sa gilid ng haligi?) o maupo sa sahig sa “ilalim” ng unan o patungan ng tagapagsalita ng kaniyang paa. Para sa konsepto ng mga bisita sa isang Cristianong pagtitipon, tingnan ang 1 Cor 14:23-25.

2:4. Ang mga gumagawa ng ganitong hindi makatuwirang pagtatangi ay dapat mariing sawayin. “Kung ginagawa ninyo ito,” sinasabi ni Santiago, **hindi бага kayo nagtatangi sa inyong sarili?** Marahil ito talaga ang kahulugan ng teksto, ngunit ito ay napakahayag na konklusyong mapupulot sa napakaliwanag na halimbawang binigay sa v2-3. Ang orihinal na mga salita (*ou diekrithete en heautois*) ay maaaring maunawaan ding “hindi ba’t may diskriminasyon sa inyong mga sarili.” Sa kasong ito, ang *pagtatangi* ay kinondena dahil sa paglikha ng hindi maka-Cristianong pagkakaiba sa pagitan ng mayaman at mahirap. Ipinahihiwatig na ang gumagawa ng ganito ay hinatulan ang mayaman na mas mabuti at mas karapatdapat na tao kaysa mahirap. Ngunit ang mga ganitong paghuhukom ay moral na mali at ang gumagawa nito ay **nagiging hukom na may masasamang pag-iisip**.

2:5. Ang uri ng kilos na ito na kinondena ay isang malaking miskalkulasyon. Nais ni Santiagong tawagin ang atensiyon ng kaniyang mga kapwa Cristiano sa miskalkulasyong ito sa napakaliwanag na termino: **Dinggin ninyo, mga minamahal kong kapatid**, samakatuwid, “Pagtuunan ninyo ng atensiyon ang bagay na ito!” Ang pundamental na prinsipyong hinayag ni Santiago ay nagsasabi sa kaniyang mambabasang ang pagtatangi sa mayayaman ay salungat sa realidad. Ang hinamak na

mahirap ay maaaring mayaman talaga sa paningin ng Diyos. **Hindi бага pinili ng Diyos ang mga dukha sa sanlibutang ito upang maging mayayaman sa pananampalataya?**

Hindi lamang minsan pinuri ng Kasulatan ang pananampalatayang sagana o eksepsiyonal sa katangian (Mat 8:10; 15:28; Gawa 6:5; 11:24; Hebreo 11). Malinaw na hindi lahat ng mananampalataya ay mailalarawan bilang *mayaman sa pananampalataya*. Kahit ang maliit na pananampalataya ay maaaring magkaroon ng signipikanteng resulta (Mat 17:20; Lukas 17:6) dahil ito ay nakatuon sa walang katapusang Diyos. Ang isyu rito ay hindi ang eternal na kaligtasan. Ang simpleng pananampalataya kay Cristo ay sapat upang magligtas (Gawa 16:31). Sa halip ang isyu ay: Gaano *kalaki* ang pagtitiwala ng Cristiano sa Diyos sa kaniyang pang-araw-araw na pamumuhay? Gaano kalaki ang pagtitiwala ng isang tao kapag ang panlabas na sirkumstansiya ay lubos na nakakapanghina? Isang malaking ironiyang ang mayamang Cristiano ay may mas kaunting pagkakataon upang magtiwala sa Diyos para sa kaniyang pangangailangan kaysa sa mahirap na kailangang magtiwala sa Kaniya, araw-araw, at minsan sa bawat kain. Sa probidensiyal na gawa ng Diyos, ang mahirap na Cristiano ay maaaring maging napakayaman sa lugar ng personal na pananampalataya sa Diyos, samantalang ang mayamang Cristiano ay napakadukha sa aspetong ito ng espirituwal na karanasan. Dapat itong alalahanin ng mga mambabasa ni Santiago sa tuwing may marungis at mahirap na kapatid na dumalo sa kanilang pagtitipon. Sa kabila ng panlabas na anyo, maaaring siya ay isang espirituwal na milyonyaryo!

Kung ganuon, isa rin siya sa **mga tagapagmana ng kaharian**. Sa pariralang ito, tinutukoy ni Santiago ang mahirap na lalaking *mayaman sa pananampalataya* na magiging hari kasama ni Cristo sa kaharian ng Diyos. Kung paanong minana ni Cristo ang kaharian (Awit 2:8-9) dahil sa Kaniyang katapatan sa Diyos Ama (Heb 1:8-9, sinisipi ang Awit 45:6-7), ganuon din ang mga kapwa-tagapagmana ng Kaniyang kaharian. Samakatuwid, ang *kaharian* ay **ipinangako Niya sa mga nagsisiibig** sa Diyos. Bagama't ang kaligtasan ay libreng binigay sa sandaling ang isang tao ay manampalataya kay Cristo para sa buhay na walang hanggan, ang kaharian ay hindi *minamana* sa kaparehong paraan. Ang pagmamana ng kaharian ay nangangailangan ng pag-ibig sa Diyos, na maipahahayag lamang sa pamamagitan ng pagsunod sa Kaniya (Juan 14:21-24), samantalang ang pagsunod mismo ay bunga ng pamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya (tingnan ang Gal 2:20). Sinumang hindi namumuhay sa ganitong uri ng pamumuhay ay hindi masasabing *mayaman sa pananampalataya*, bagama't siya ay nanampalataya kay Cristo para sa eternal na kaligtasan.

2:6-7. Ang mga mahihirap na mananampalataya ang madalas na mamuhay ng ganitong uri ng pamumuhay, at kung ganuon ay mga importanteng tao sa liwanag ng darating na kaharian, at anumang mapanghamak na pagtrato sa mahirap na dumalo sa pagtitipon ay isang kabiguang isapamuhay ang katotohanang ito. “Dapat sana ay pinararangalan ninyo siya,” ang sinasabi ni Santiago, **ngunit** sa halip **inyong niwalang-puri ang dukha**. Bilang isang klase, ang mayayaman ang pinakamalamang na maging kaaway ng Cristianismo at maging maniniil sa halip na katuwang ng Cristianong komunidad. Sa kontekstong Judeo ng aklat na ito, maraming hindi mananampalatayang mayamang Judio ang pinagmumulan ng paniniil sa mga Cristiano at **сила rin ang kumakaladkad sa harapan ng mga hukuman** sa kahit anong dahilan. Bukod diyan, marami ang hindi nag-aatubiling **nilalapastangan ang yaong marangal na pangalan** “ang Panginoong Jesucristo,” v1, **na sa inyo’y itinatawag**. Sa paglalagay ng pahayag sa anyong patanong, pinahaharap lamang ni Santiago sa kanila ang isang bagay na dati na nilang alam. Walang saysay para sa mambabasa ni Santiago na magkandarapa sa paggalang sa isang mayamang lalaki sa pagtitipong Cristiano, habang niwawalang puri ang potensiyal na tagapagmana ng kaharian!

2:8. Ang kabiguang iwasan ang pagtatangi sa pagtrato sa mayaman at sa mahirap ay higit pa sa kabiguang harapin ang realidad patungkol sa dalawang klase ng tao. Sa mas pundamental na lebel, ito ay kabiguan sa Cristianong moralidad. Ito ay paglabag sa **kautusang hari** ng Kasulatan na nag-uutos ng pag-ibig sa kapwa ayon sa kung paano nais na tratuhin ng iba. Siguradong walang gustong hamakin sa paraang nilarawan ni Santiago (v3).

Sa pagtawag sa utos na **“iibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng sa iyong sarili”** na *kautusang hari*, lumikha si Santiago ng isang ekspresyong taglay ang higit sa isang signipikanteng mukha. Ang utos na umibig ay *panghari* dahil ito ay inutos ng Hari- ang Panginoong Jesus mismo, una bilang Diyos na Naghahayag (Lev 19:1, 18) at sa Kaniyang inkarnasyon sa gitna ng mga tao (Mat 22:37-40). Ngunit ito ay *panghari* rin dahil ito ay napakamaginoong kilos na karapatdapat ng isang hari. Ang alusyon ni Santiago ay ang tema ng paghahari sa kaharian na kaniyang nabanggit (San 2:5). Ang mga tagapagmana ay ang ang mga hari sa hinaharap sa kaharian ng Diyos at dapat silang kumilos ayon sa *kahariang* (makahari) *utos* ng pag-ibig sa kapwa. Samakatuwid, masining na pinag-isa ni Santiago ang dalawang dakilang kautusan ng rebelasyon ng LT, na pinag-iisa sila sa ilalim ng tema ng paghahari. (Ang dalawang utos ay bahagi rin ng Bagong Tipan na “kautusan ng kalayaan.” Tingnan ang talakayan sa 1:25 at 2:9). Aariin (maghahari) sa kaharian ng Diyos ang mga nagnanais na maghari sa hinaharap kung kanilang “iibigin ang Diyos” (v5), ngunit ito ay nangangailangan din ng pag-ibig sa kapwa (cf 1 Juan 4:20-21).

2:9. Ngunit nasusunod ba nila ito? Hindi kung sila ay **nagtatangi** sa mayaman laban sa mahirap, dahil sa kasong ito ay **nangagkakasala kayo**, at ang Biblikal na utos na umibig ay nagpapakita sa kanila bilang mga **suwail** ng *kautusan* ng Diyos. Walang duda, bilang mga Judiong kumberte sa Cristianismo, ang mga mambabasa ni Santiago ay may mataas na paggalang sa mga moral na pamantayan ng mga utos ng LT. Lalo pa at bawat isa sa Sampung Utos, maliban sa utos patungkol sa araw ng sabbat ay inulit sa BT. Samakatuwid, ang mga inulit na utos ay dapat sundin ng mga namumuhay sa ilalim ng Bagong Tipan sa halip na sa ilalim ng Luma, na isinantabi (tingnan ang Hebreo 8). Samakatuwid ang kabiguang ibigin ang kapatid na gaya ng sarili (at ito ay kabiguang masasalamain sa *pagtatangi*) ay isang tapat na paglabag ng kalooban ng Diyos sa mga mananampalataya.

2:10. Bukod diyan, ang kabiguang gaya nito ay nagpapakita ng kakulangan sa liwanag ng banal na pamantayan ng Diyos. Ang paglabag sa Kautusan gaya nang sinasabi ni Santiago ay paglabag sa **buong** Kautusan. Gaano man kasikap ang isang tao na ganapin ang buong kautusan, ang pagkakasala laban sa pag-ibig ay gumagawa sa tao bilang tagalabag ng kautusan, samakatuwid, ay isang kriminal sa harap ng takdang hustisya!

2:11. Ang nakakadisturbong puntong ito ay pinagtibay ni Santiago sa kaniyang obserbasyong ang mga utos laban sa **pagpatay** at **pangangalunya** ay parehong bahagi ng iisang Kautusan. Dahil sa ang parehong kasalanan ay may taglay na parusang kamatayan sa ilalim ng Lumang Tipan, ang argumento ni Santiago ay may malakas na pwersa. Malinaw na kaniyang sinasabing kung hindi nangangalunya ngunit pumapatay ka, ang kainosentihan sa isang parte ay hindi absuwelto sa tao sa ibang parte. Gaya ng nalalaman ng mambabasa ni Santiago, ang mga mamamatay-tao ay tatanggap ng parusang kamatayan sa paglabag sa Kautusan, nangangalunya man sila o hindi.

Natural ang kinakausap ni Santiago ay mga mambabasang Judiong Cristiano (tingnan ang *Panimula*) na taglay pa rin ang mataas na opinyon sa pagsunod sa Kautusan. Ang kanilang kultura at mana ay nagtutulak sa kanila rito kahit pa sila ay inaring matuwid sa pananampalataya kay Cristo. Sumulat si Santiagong may malalim na persepsiyon ng mga mambabasang ito. Kahit pa hindi isyu ang pag-aaring matuwid dito, ang kaniyang mga mambabasa (katulad ng kanilang hindi ligtas ngunit nagmamapuri sa sariling kababayan) ay may mataas na pagpapahalaga sa pag-iwas sa mga kasalanan gaya ng pangangalunya at pagpatay. Ngunit kailangan silang paalalahanang ang kabiguang ibigin ang mahirap na kapatid na dumalo sa kanilang pagtitipon ay niwawalang halaga ang anumang pagmamapuri sa kanilang pagsunod sa Kautusan ng Diyos sa ibang lugar. Kailangang sundin ng tao ang *lahat*, o *hindi* niya ito nasunod- anuman ang espisipikong paglabag niya.

Kahit ang mga kumbertidong mambabasa ni Santiago ay kailangang paalalahanan ng katotohanang ito tungkol sa Kautusan, dahil baka balewalain nila ang kanilang walang pag-ibig na *pagtatangi* at walang ingat nilang ituring ang kanilang mga sarili bilang tagaganap ng Kautusan sa mata ng Diyos. “Huwag kayong mag-isip ng ganiyan,” sinasabi ni Santiago, “dahil ang inyong kilos na

walang pag-ibig ay naglalagay sa inyo sa ilalim ng kundenasyon ng Kautusan, hindi ng pagsang-ayon!" Samakatuwid, ang "pakikinig" na nais ni Santiago mula sa kaniyang mambabasa (tingnan ang 1:19-25) ay hindi ang paghiwalay lamang sa mga kasalanang gaya ng pangangalunya at pagpatay. Hindi. Ang pagiging "maliksi sa pakikinig" ay pagiging maliksi rin sa pag-ibig, at hindi rito kabilang ang pagtatangi.

2:12. Ngunit ang mga Cristiano ay hahatulan hindi sa pamamagitan ng Kautusan ng LT, kundi sa pamamagitan ng **kautusan ng kalayaan** na kaniya nang naunang nabanggit (tingnan ang talakayan sa 1:25). Ang nagkukwalipikang pariralang *ng kalayaan* ay malinaw na nagpapakita ng pagkakaiba sa simpleng gamit ng *kautusan* kapag walang kwalipikasyong dagdag. Sang-ayon si Santiago sa paglalarawan ni Pedro ng kautusan ng LT bilang "mga pamatok" (Gawa 15:10). Kabilang siya sa mga nagbigay ng pinal na solusyon sa problema ng Kautusan na pinag-usapan sa Konseho sa Jerusalem (v13-29). Nalalaman ni Santiagong ang mga Cristiano ay "wala sa ilalim ng kautusan ni Moises kundi nasa ilalim ng biyaya" (Roma 6:14). Samakatuwid, alam niyang ang mga Cristiano ay wala sa ilalim ng Kautusan ni Moises ng Lumang Tipan. Ngunit alam din ni Santiagong ang kalooban ng Diyos para sa mga mamamayan ng Bagong Tipan ay malawakang nahayag sa pamamagitan ng mga apostol at mga propeta- at higit sa lahat- sa pamamagitan ng "ating Panginoong Jesucristong maluwalhati." Ang kapahayagang ito ang ginawa para sa mga pinanganak na muli at umaapila sa likas na reaksiyon ng kanilang bagong kalikasan. Dahil dito, ito ay hindi pabigat (1 Juan 5:3-5), ngunit nagbibigay sa kanila ng pagkakataong ipakitang sila ay tunay na mga anak ng Diyos. Kaya ito tinawag na kautusan ng kalayaan.

Ngunit ito rin ang kodigo ng kilos na siyang basehan ng paghukom sa Cristianong pamumuhay. Ang **mga salitain at mga gawain** ng mga mananampalataya ay dapat inaalala ang katotohanang ito. Ang mga buhay ng mga Cristiano ay dapat suriin sa liwanag ng mataas at banal na pamantayan ng *kautusan ng kalayaan*.

Sa paghukom, ang tanging maaaring pakahulugan ni Santiago ay ang Hukuman ni Cristo (2 Cor 5:9-11). Patungkol sa buhay na walang hanggan ang mananampalataya ay "hindi papasok sa paghuhukom" (Juan 5:24). Walang paghuhukom para sa mananampalataya upang malaman kung siya ay pupunta sa langit o sa impierno. Ang mananampalataya ay nakalipat *na* mula sa kamatayan patungong buhay at walang hatol ang maaari pang gawin laban sa kaniya dahil siya ay inari *nang* matuwid (Juan 5:24; Roma 8:32-33). Ang mga nagsasabing ang paghuhukom na ito sa Santiago 2:12 ay patungkol sa buhay na walang hanggan para sa mga mananampalataya ay nasasabi lamang ito sa pamamagitan ng paglalagay nito rito.

2:13. Lubhang napakaseryoso ng Hukuman ni Cristong hindi ito mapag-uusapan nang walang pakiramdam ng paghanga sa pagiging tiyak nito. Nararamdaman ito ni Pablo (2 Cor 5:11). Sinumang resonableng tao ay alam na ang paghuhukom sa kaniyang Cristianong buhay nang "ayon sa aklat" (i.e. nang napakaistrikto) ay maglalagay sa kaniya sa napakaraming saway mula sa kaniyang Tagapagligtas at maraming pagkawala ng potensiyal na gantimpala. Ang kailangan sa araw na iyan ay **awa**- ang kahandaan sa bahagi ng Panginoon at Hukom na suriin ang mga salita at mga gawa ng mga mananampalataya nang may pinakamalawak na pag-unawa. Ngunit paano sila makatitipon ng napakaraming awa na kailangang kailangan sa araw na iyan?

Ang sagot ni Santiago ay napakasimple: dapat siyang magpakita rin ng awa. Sapagkat ang **hindi nagpakita ng awa** ay walang matatamo sa araw na iyon, ang kabaligtaran ay totoo rin: ang nagpakita ng awa ay makatatanggap ng marami nito. Siya nga, ang awang pinakita sa iba ay maaaring "magligtas ng araw" sa paghuhukom na iyan sa hinaharap, sapagkat **ang awa ay lumuluwalhati laban sa paghuhukom**. Ang salitang *lumuluwalhati* (*katakauchaomai*) ay maaaring isaling "nagbubunyi" na tila baga ang awa ay maipagbubunyi ng mga salita sa panalo nito laban sa paghuhukom. Samakatuwid, kung laging patitibayin ng Cristiano ang kaniyang mga salita at gawa ng awa, maaari siyang lumitaw nang matagumpay sa araw ng dibinong pagsusuri.

Sa liwanag nito, ang kawalan ng pagmamalasakit sa mahirap ng San 2:2-3 ay isang delikadong hakbangin. Sa halip, ang mahirap na iyan ay dapat tanggapin nang may kainitan at sensitibidad na maingat na pinapakita ng isang maawaing tao. Tanging sa ganitong paraan, ang kanilang pagtrato sa kaniya magiging positibo sa halip na negatibong salik sa Hukuman ni Cristo.

3. Higit Pa sa Pasibong Pananampalataya (2:14-26)

2:14. Sinimulan ni Santiago ang seksiyong ito sa pagharap sa isang pundamental na isyu. Marahil may isang nag-aangkin ng pananampalataya ngunit walang maiturong mga gawa ng pagsunod na kauri ng tinatalakay ni Santiago (1:26-2:13). Paano na? Maasahan ba niya ang pananampalataya niya sa Salita ng Diyos na “magligtas sa kaniyang buhay” (1:21) kung hindi siya gumagawa (v25)? Sa madaling salita **Makapagliligtas бага sa kaniya ang pananampalataya?**

Sa katotohanan, ang tanong (sa Griyego) ay nagpapahiwatig ng sarili niyang sagot at maaaring isaling, “Hindi siya maililigtas ng pananampalataya, hindi ba?” Ang inaasahang sagot ay, “Hindi!” Ngunit, kung ang pag-uusapan ay *eternal* na kaligtasan, ang pananampalataya ay *kaya* at *tunay* na nagliligtas (hal Ef 2:8-9). Ngunit dito- malinaw si Santiago- ang pananampalataya ay *hindi* makapagliligtas sa ilalim ng kundisyong iniisip ni Santiago (tingnan ang talakayan sa 1:21).

Samakatuwid, malinaw sa manunulat na ang mga gawa ay kundisyon sa kaligtasan. Ang kabiguang aminin ito ay ang pangunahing pinagmumulan ng mga problemang umano’y nagmumula sa pasaheng ito para sa mga ebangheliko. Kailangang maunawaan ng mga mambabasang *malabong tinatalakay ni Santiago ang kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya*. Ngunit sa halip na tanggapin ang mga puntong ito, maraming taga-interpretang ang iniwasan ito.

Madalas itong gawin sa pamamagitan ng pagsalin ng tanong na, “Makapagliligtas бага sa kaniya ang pananampalataya?” (2:14) upang maging “Makapagliligtas бага sa kaniya ang pananampalatayang iyan?” Ngunit ang introduksiyon ng mga salitang “*iyang*” ay isang pag-iwas sa teksto. Ang Griyego ay walang suporta para sa ganitong uri ng salin.

Subalit, ang suporta para sa ganitong salin “pananampalatayang iyan” o “ang pananampalataya” ay madalas sabihing masusumpungan sa presensiya ng depinitong artikulo na katambal ng “pananampalataya” sa v17, 18, 20, 22, 26). (Sa v22, ang tinutukoy ay pananampalataya ni Abraham!) Wala sa mga lugar na ito iminungkahing ang “*iyang*” o “*ito*” bilang natural na salin. Gaya ng alam ng lahat, madalas gamitin ng lenggwaheng Griyego ang depinitong artikulo katambal ng abstraktong pangngalan (gaya ng pananampalataya, pag-ibig at pag-asa) kung saan hindi maaari sa Ingles. Sa mga kasong ito, ang artikulo ay hindi sinasalin. Ang pagbibigay ng espesyal na tratamiento sa 2:14 ay nagdadala ng sarili niyang pagsaway. Ito ay maituturing na *tunay na desperadong* pagsuporta sa isang interpretasyong hindi masusuportahan.

Ang mga pahayag na ito ni Santiago ay hindi basta-basta mababalewala. Sa pinakamalinaw na kayang gawin ng lenggwahe, ang pananampalatayang nag-iisa ay hindi “makapagliligtas” ayon kay Santiago. Ngunit “makapagliligtas” sa anong diwa? O mas maigi, “makapagliligtas” mula sa ano? Mula sa walang hanggang impiyerno? O mula sa ibang bagay? Ang tanging tamang sagot, sa liwanag ng buong epistula, ay ang sabihing tinuloy ni Santiago ang tema ng 1:21 (na muling ipinagpatuloy sa 5:19-20). Ang temang ito ay ang katotohanang ang pagsunod sa Salita ng Diyos ay “makapagliligtas” ng buhay mula sa nakamamatay na konsekwensiya ng kasalanan (tingnan ang 1:15 at ang talakayan dito). Hindi ito kaya ng pananampalataya lamang. Ang mga gawa ng pagsunod ay kailangang kailangan.

2:15-17. Kung tatandaan ng isa ang konsepto ng “pagliligtas ng buhay sa pamamagitan ng pagsunod,” ang mga salita ng 2:15-17 ay mapakikilingan sa bagong liwanag. Ang katotohanan bang ang isang tao ay nanghahawak sa tamang paniniwala at ortodoksiya ay “makapagliligtas” sa kaniya mula sa nakamamatay na konsekwensiya ng kasalanan? Siyempre hindi! Ang ideya ay kalokohan. Kahalintulad ito ng paghiling ng kabutihan sa isang naghihirap na kapatid na lalaki o babae samantalang ang kanilang *tunay* na kailangan ay pagkain at pananamit (2:15-16). Ito ay ganap na walang halaga. Sa

katotohanan, ang ganitong *manhid* na kilos sa bahagi ng isang Cristiano tungo sa kaniyang kapwa ang tinutuligsa ni Santiago (tingnan ang 1:27; 2:2-6). Ito ay mahusay na ilustrasyon ng kaniyang punto.

Ang mga ganitong walang kabuluhang pananalita ay “patay” (walang silbi) katulad ng isang pananampalatayang walang gawa. Sinabi ni Santiago, **Gayon din naman ang pananampalataya na walang mga gawa, ay patay sa kaniyang sarili.** Kailangan nating maingat na usisain kung bakit pinili ni Santiago ang terminong *patay* upang ilarawan ang pananampalatayang hindi gumagawa. Ngunit sa sandaling ang terminong ito ay iugnay sa maliwanag na hayag na konsepto ng “pagliligtas ng buhay” (1:21), lahat ay nagiging malinaw. Ang isyu para kay Santiago ay isyu ng *buhay* o *kamatayan*. Ang pananampalataya bang patay ay makapagliligtas sa isang Cristiano mula sa *kamatayan*? Sinasagot ng tanong ang kaniyang sarili. Ang pagpili ng pang-uring *patay* ay akmang akma sa argumento ni Santiago. Kung paanong ang mga walang halagang salita ng isang kuripot na mananampalataya ay hindi makapagliligtas ng kaniyang kapatid mula sa kamatayan dahil sa kawalan ng mga pangangailangan ng buhay, ganuon din ang pananampalatayang hindi gumagawa ay hindi makapagliligtas ng buhay ng isang *mananampalataya* mula sa mga *nakamamatay* na konsekwensiya ng kasalanan. Dahil dito, ang pananampalataya ay baog at hindi epektibo *sa kaniyang sarili* dahil hindi nito magawa ang kinakailangang resulta.

Madalas na tratuhin ng mga komentarista ang salitang *patay* sa simpleng paraan. Bilang isang metapora, ang salitang *patay* ay madalas tratuhing tila ba wala na itong ibang kahulugan maliban sa patay/buhay na terminolohiyang ginagamit upang ilarawan ang kaligtasan mula sa impiyerno. Ngunit alam ng bawat linguista na ang “kamatayan” o “patay” ay mga konseptong nagbibigay ng marami at iba’t ibang metapora sa halos lahat ng lenggwahe. Ang Ingles mismo ay napakarami (“this law’s a dead letter,” “you’re dead wrong,” “he’s dead drunk,” “he’s a dead duck,” “that idea is dead,” “they navigated by dead reckoning,” atbp). Ganuon din ang lenggwaheng Griyego (at ang mismong BT) ay umaapaw sa ganitong mga metapora. Sa Roma lamang, sinabi ni Pablong ang katawan ni Abraham ay “patay” samantalang ito ay buhay pa, at sinabing “patay” ang sinapupunan ni Sarah (Roma 4:19). Sinabi ni Pablong “hiwalay sa kautusan ang kasalanan ay patay” (Roma 7:8) (bagamat maaaring maging aktibo ang kasalanan hiwalay sa Kautusan [Roma 5:13]), at dineklarang “ang kasalanan ay nabuhay at ako ay namatay” (Roma 7:9). Ganuon din ang katawan ng isang Cristiano, na pinananahanan ng Espiritu, ay maaaring ilarawang “patay” (Roma 8:10), bagamat ang Cristiano mismo ay buhay dahil sa bagong kapanganakan. Ang kompleksidad ng gamit ni Pablo ng salitang “patay” ay malinaw sa mga tekstong ito. Ang isang pag-aaral ng konkordans ay magpapakita ng mga halimbawa sa iba pang bahagi ng BT (hal Lukas 15:24, 32; Heb 6:1; 9:14; Pah 3:1). Maling isiping ang metapora ni Santiago tungkol sa “patay na pananampalataya” ay mayroon lamang nag-iisang kahulugan, ang soteriolohikal na kahulugan. Ang angkinging oo ay pag-iwas sa isyu.

Samakatuwid, kapag nilarawan ang pananampalataya bilang “patay” sa Santiago 2, ito ay madaling maunawaan sa konteksto na nangangahulugang (ayon sa layong pinag-uusapan) pananampalatayang *baog, hindi epektibo, o walang bunga.*

2:18-19. Hindi inaasahan ni Santiagong ang ganitong mga pananalita ay hindi tututulan. Kahit sa mga Cristiano, malakas ang tendensiya nating pagtakpan ang ating mga kabiguan. Inunahan ni Santiago ang kaniyang mga mambabasa sa pagpakilala ng mga salita ng isang tutol. Ang ganitong mga pagtutol ay madalas gamitin ng mga manunulat sa moralidad ng panahon ni Santiago, at dito ginamit niya ang kilalang teknik na ito. Ang kabuuan ng v18-19 ay sinambit ng hipotetikal na tutol na ito.

Ang eksaktong lawak at kahulugan ng mga salita ng tumututol ay matagal nang problema para sa mga komentarista. Sinunod ng NKJV ang laganap na pagkaunawa sa mga pananda sa v18-19. Ang mga salitang “**ikaw ay mayroong pananampalataya at ako’y mayroong mga gawa,**” ay nakukulong sa tandang pansipi ng NKJV at ito ay tandang ang mga salitang ito lamang ang mga salita ng tutol. (Kung ano ang kanilang tinututulan ay palaisipan sa mga komentarista.) Ang natitirang mga salita ng v18 at ang kabuuan ng v19 ay pinanghahawakan ng NKJV bilang tugon ni Santiago, bagama’t hindi malinaw kung paano nito sinasagot ang mga salita umano ng tumututol. Ngunit *lahat* ng pananda sa ating mga Bibliang Ingles ay gawa ng mga tagapatnugot, dahil ang orihinal na manuskrito

ni Santiago ay malamang na kakaunti o baka walang taglay na mga ganito. Ngunit ang teksto ay mauunawaan lamang nang tama kung ang kabuuan ng v18-19 (simula sa *"Ikaw ay sumasampalataya..."*) ay binigay sa tumututol at *walang* binigay kay Santiago.

Sa v18-19 ang espisipikong pormat ng literaturang ginamit ni Santiago ay mula sa Griyegong diatribe na isang uri ng pinag-aralan at pakikipagtalong anyo ng diskurso. Ang anyong ginamit sa v18-20 ay maaaring tawaging "pormat ng tutol/tugon." Ang mga salita ni Santiagong "Sasabihin ng isang tao" (v18) ay ginamit upang ipakilala ang pagtutol at matapos ihayag ang pagtutol, ang tugon naman ay sisimulan ng mga salitang "Datapuwat ibig mo bagang malaman, oh taong walang kabuluhan" (v20). Ang kaparehong pormat na ginamit ni Santiago ay ginamit din sa Roma 9:19-20 at 1 Cor 15:35-36. Ang pananaw ng maraming manunulat na ang tugon ni Santiago ay nagsimula sa v18b ay binabalewala ang maraming tandang estruktural ng teksto ni Santiago. Bigo ang mga manunulat na itong magpakita ng kaparehong teksto sa mga literatura. Tinuturing ng manunulat na ito nang may kasiguruhan na ang mga salita ng tumututol ay nagpapatuloy hanggan sa katapusan ng v19.

Ngunit ano ang ibig sabihin ng pagtutol? Dahil sa karamihan ng mga Griyegong manuskrito ay gumagamit ng salitang "mula" (*ek*) sa halip ng mas pamilyar na "hiwalay" (*choris*) sa v18, mas maiging gamitin ang salitang "mula" rito. Ang pahayag ng tumututol ay maibibigay na gaya ng sumusunod, na mas naaayon sa pakasunud-sunod ng salita sa Griyego kaysa sa NKJV:

Oo, sasabihin ng isang tao: "Ikaw ay mayroong pananampalataya, at ako'y mayroong mga gawa. Ipakita mo sa akin ang iyong pananampalataya mula [ek] sa mga gawa, at ako sa pamamagitan ng aking mga gawa ay ipakita sa iyo mula [ek] sa aking mga gawa, ang aking pananampalataya. Ikaw ay sumasampalataya na ang Dios ay iisa; mabuti ang iyong ginagawa. Ang mga demonio man ay nagsisisampalataya, at nagsisipanginig" (v18-19, salin ng may-akda).

Ang argumentong nais ihayag ng mga salitang ito ay tila бага *reductio ad absurdum* (pinalalabas na kalokohan o katatawanan ang argumento ng isang tao). Puno ito ng ironiya. "Kalokohan," sabi ng tutol, "na isiping may malapit na ugnayan sa pagitan ng pananampalataya at mga gawa. Alang-alang sa argumento, sabihin nating mayroon *kang* pananampalataya at *ako* ay may mga gawa. Diyan tayo magsimula. Hindi *ka* makasisimula sa iyong pinaniniwalaan at ipakita ito sa akin sa iyong mga gawa, kung paanong hindi *ako* makasisimula sa aking mga gawa, at ipakita sa pamamagitan nito ang aking pinaniniwalaan." Kumpiyansa ang tumututol na parehong imposible ang dalawa. Ang imposibilidad ng pagpapakita ng pananampalataya ng isang tao mula sa kaniyang mga gawa ay ipakikita ngayon (ayon sa kaisipan ng tumututol) sa pamamagitan ng isang paglalarawan: "Ang mga tao at mga demonyo ay naniniwala ng parehong katotohanan (na mayroong nag-iisang Diyos), ngunit ang kanilang pananampalataya ay hindi lumilikha ng parehong tugon. Bagamat ang artikulong ito ng pananampalataya ay kumikilos sa isang *taong* "gumawa nang mabuti," hindi nito magalaw ang mga *demonyong* "gumawa nang mabuti." Ang tanging magagawa nila ay manginig. Samakatuwid, ang pananampalataya at mga gawa ay walang tunay na koneksiyon. Ang parehong kredo ay makalilikha ng iba't ibang uri ng gawi. Ang pananampalataya ay hindi maipakikita sa nakikitang mga gawa!" At gamit ang umano'y hindi masasagot na pag-aangkin, tinapos ng tutol ang kaniyang kaso.

Walang dudang narinig ni Santiago at ng kaniyang mga tagapakinig ang argumentong ito dati. Ito ang uri ng dependibong argumentong binibigay ng isang tao kapag ang kaniyang ortodoksiya ay hindi sinusuportahan ng mabubuting mga gawa. Maaaring sabihin nila, "Ang pananampalataya at mga gawa ay wala talagang ugnayan gaya ng iyong sinasabi Santiago. Kaya huwag mong tuligsain ang kalusugan ng aking pananampalataya dahil hindi ko ginagawa ang ganito o ganiyang bagay."

2:20. Ang tugon ni Santiago sa mga salita ng tumututol ay maaaring ipahayag sa ganitong paraan: "Oh walang kabuluhang argumento! Anong kamangmangan mo upang sabihin ito! Sinasabi ko pa ring kung walang mga gawa, ang iyong pananampalataya ay patay. Gusto mong malaman kung bakit?" Ang v21-23 ang direktang tugon ni Santiago sa pagtutol. Ito ay malinaw sa Griyego sa pang-

isahang gamit ng “Nakikita mo na” (*blepis*) sa v22. Pinapakita nitong kinakausap niya ang tutol. Tanging sa “Nakikita ninyo” (*horate*) ng v24 bumalik si Santiago sa plural at sa kaniyang buong mambabasa.

2:21. Sa pagsaway sa pagtutol na kaniyang sinipi, pinili ni Santiago ang pinakaprestihiyosong pangalan sa kasaysayang Judio, ang patriarkang Abraham. Pinili niya rin ang kaniyang pinakakapuring gawa ng pagsunod sa Diyos, ang paghahandog ng kaniyang sariling anak na si Isaac. Dahil alam ng lahat sa mga sirkulong Cristianong si Abraham ay inaring matuwid sa *pamamagitan ng pananampalataya*, nagdagdag ngayon si Santiago ng isang orihinal na ambag. Siya rin ay inaring matuwid sa pamamagitan ng mga gawa! Kung pananatilihin sa isipan ang paksa ni Santiago, hindi mahuhulog ang isang tao sa patibong ng paglalaban kay Santiago at Apostol Pablo. Hindi kailan man tinatanggi ni Santiagong si Abraham, o kahit sino pa, ay inaring matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Gusto niya lamang sabihing may isa pang uri ng pag-aaring matuwid, at ito ay sa **pamamagitan ng mga gawa**.

Siyempre walang pag-aaring matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya *na may karagdagang* mga gawa. Walang sinabi si Santiagong nagmumungkahi ng ideyang ito. Sa halip, may *dalawang uri* ng pag-aaring matuwid (tingnan ang v24). Marahil sorpresa sa maraming tao, sang-ayon si Apostol Pablo rito. Walang dudang sumulat pagkatapos ni Santiago, hinayag ni Pablo sa Roma 4:2, “Sapagka’t kung si Abraham ay inaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa, ay mayroon sana siyang ipagmamapuri; datapuwa’t hindi sa Dios.” Ang porma ng pahayag na ito sa Griyego ay hindi nagtatanggi sa katotohanan ng pinag-uusapang punto. Ang pariralang, “datapuwat hindi sa Diyos” ay nagmumungkahing nauunawaan ni Pablo ang posibilidad na ang isang tao ay aaring matuwid sa pamamagitan ng mga gawa. Ngunit, sinasabi niyang hindi ito ang paraan upang ariing matuwid ang mga tao sa *harap* ng Diyos. Samakatuwid, hindi ito ang paraan upang itatag ang kanilang legal na katayuan sa harapan Niya.

Samakatuwid, sa kaniyang pagtugon sa taong hinihiwalay ang pananampalataya mula sa mga gawa sa karanasang Cristiano, naging masining si Santiago. Ang kaniyang kaisipan ay maaaring ilatag gaya nito: “Sandali lamang, taong mangmang! Pinanghahawakan mo ang pag-aaring matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, ngunit hindi mo ba nakikita kung paanong si Abraham ay inari *ring* matuwid sa pamamagitan ng mga gawa nang kaniyang ihandog ang kaniyang anak na lalaking si Isaac sa Diyos? [v21]. Hindi ba’t malinaw kung paanong ang kaniyang pananampalataya ay nakikipagtulungan sa kaniyang mga gawa at sa katotohanan, sa pamamagitan ng mga gawa, ang kaniyang pananampalataya ay napasakdal? [v22]. Sa ganitong paraan, ang buong signipikansiya ng Kasulatan tungkol sa pag-aaring matuwid ay naliwanagan, dahil ngayon siya ay “tinawag na kaibigan ng Diyos” (v23).

Pansining maingat, na sa kaniyang pagtukoy sa paghahandog ni Abraham ng kaniyang anak na si Isaac, bumalik si Santiago sa kaniyang tema ng pagsubok na siyang basikong paksa ng kaniyang epistula (tingnan ang 1:2-18). Sa tradisyong Judio, ang kwento tungkol kay Abraham ay kumakatawan sa pinakamahirap na pagsubok ng patriarka na kaniyang maluwalhating napagtagumpayan. Ganuon din, nang bumaling si Santiago kay Rahab sa v25, tinalakay niya rin ang isang babaeng nagtagumpay sa gitna ng malaking pagsubok. Ang dalawang kwento, na makikita sa katapusan ng isang pangunahing yunit (1:21-2:26) ay bumubuo ng isang implisit na *inclusi*ong (isang pantukoy pabalik) magdadala ng isipan ng mambabasa sa punto kung saan nagsisimula ang maliksing pakikinig. Ang ekshortasyon ng 1:21 ay nagmula sa nauunang pagtalakay sa mga pagsubok ng mga Cristiano.

2:22-23. Ang laman ng mga sitas na ito ay napakayamang tunay. Nakaaawa na ang mga ito ay madalas hindi nauunawaan. Ang pananampalatayang nag-aaring matuwid- hindi kailan man tinanggi ni Santiagong ito ay nag-aaring matuwid! – ay maaaring magkaroong ng aktibo at buhay na papel sa buhay ng isang masunuring mananampalataya. Gaya ng kay Abraham, maaari itong maging dinamiko para sa malalaking gawa ng pagsunod. Sa proseso, ang pananampalataya ay **naging sakdal**,

samakatuwid naging “perpekto” (*eteleiothe*). Ang Griyegong salita ay nagmumungkahi ng paglago at pagmaturo. Ang pananampalataya ay pinakakain at pinalalakas ng mga gawa.

Mahirap maghanap ng mas maiging ilustrasyon ng punto ni Santiago saan mang bahagi ng Biblia. Ang pananampalatayang nag-arang matuwid kay Abraham ay nakatuon sa pangako ng Diyos sa kaniyang binhi (Gen 15:6), isang pangakong nagpatibay ng inisyal na pangako ng Gen 12:1-3, na may taglay na signipikansiyang soteriolohikal (tingnan ang Gal 3:6-9). Ngunit ang pananampalataya ni Abraham ay implisit din sa Diyos ng resureksiyon (cf Gen 15:6 at Roma 4:19-21 at Heb 11:17-19).

May kumpiyansa si Abraham na ang Diyos na kaniyang sinampalatayahan ay madadaig ang kamatayan ng kaniyang sariling katawan at ng sinapupunan ni Sarah. Ngunit sa pamamagitan lamang ng pagsubok kay Isaac, na ang implisit na pananampalatayang ito sa kapangyarihang bumuhay maguli ng Diyos, naging espisipikong kumbiksiyong literal at pisikal na ibabangon ng Diyos ang isang tao mula sa kamatayan upang tuparin ang Kaniyang sumpa.

Ang pananampalataya ni Abraham ay pinalakas at minaturo ng mga gawa. Sa kaniyang kumbiksiyong madadaig ng Diyos ang “kamatayan” ng kaniyang sariling katawan (inabilidad niyang magkaroon ng mga anak), kumilos siya sa katiyakang aktwal na bubuhaying muli ng Diyos ang katawan ng kaniyang anak mula sa literal at pisikal na kamatayan. Sa proseso ng pagsunod sa dibinong kautusang ihandog ang kaniyang minamahal na anak, ang kaniyang pananampalataya ay lumago at umabot sa bagong antas ng kumpiyansa sa Diyos.

Sa ganito ring paraan, natupad ang orihinal na Kasulatang nagbabanggit ng Kaniyang orihinal na pag-aaring matuwid. Ang mga gawa ni Abraham ay pumuno ng matandang tekstong ito ng kahulugan, sa pagpapakita na lawak ng paglago ng kaniyang pananampalatayang nabanggit sa Gen 15:6 at kung paano ito ay bigkis ng buhay ng pagsunod. Simple at walang komplikasyon sa simula, ang nag-aaring matuwid na pananampalataya ni Abraham ay may mga potensiyal na ramipikasyong tanging ang mga gawang tinatag sa ibabaw nito, ang makapapalabas.

At ngayon siya ay tinawag na **kaibigan ng Diyos**, hindi lamang ng Diyos mismo, kundi ng mga tao rin (cf 2 Cron 20:7; Is 41:8). Sa katotohanan, sa pangalang ito siya nakilala sa pagdaan ng siglo sa maraming lupain at sa tatlong relihiyon (Judaismo, Cristianismo at Islam). Kung hindi sinunod ni Abraham ang Diyos sa pinakadakilang pagsubok ng kaniyang buhay, siya ay matuwid pa rin sa pamamagitan ng pananampalataya niya sa Gen 15:6. Ngunit sa *pagbuhay* niya ng kaniyang pananampalataya sa *mga gawa*, natamo niya ang nakakainggit na titulong ito sa harap ng hindi mabilang na mga tao. Sa ganitong paraan, siya ay inaring matuwid sa pamamagitan ng mga gawa (sa harap ng mga tao; cf Roma 4:2).

Kapag ang isang tao ay inaring matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, siya ay may pagtanggap na walang kwalipikasyon sa harap ng Diyos. Gaya ng pagkasabi ni Pablo, ang indibidwal na ito ay “sa kaniya’y ibinibilang ng Diyos ang katuwiran nang walang mga gawa” (Roma 4:6). Ngunit tanging ang Diyos lamang ang nakakakita ng espirituwal na transaksiyong ito. Ngunit, kapag ang isa ay inaring matuwid sa pamamagitan ng mga gawa, siya ay nagtatamo ng intimasya sa Diyos, na *nakikita ng iba*. Siya ay maaaring tawaging “kaibigan ng Diyos,” gaya ng sinabi ni Jesus, “kayo ay Aking mga kaibigan kung ginagawa ninyo ang inutos Ko sa inyo” (Juan 15:14; tingnan din ang talakayan sa San 4:4).

2:24. Matapos iwan ang tutol, bumalik si Santiago sa pagkausap sa kaniyang mga mambabasa sa v24-26. (Tingnan ang komento sa v20). Ang kaniyang pahayag dito ay nagkukumpirma sa nabanggit sa taas (v21), na may *dalawang uri* ng pag-aaring matuwid, hindi isa lamang na nakakundisyon sa pananampalatayang may dagdag na mga gawa. Ang mga salita ni Santiago ay dapat basahing kagaya nito: **Nakikita ninyo na sa pamamagitan ng mga gawa’y inaaring matuwid ang tao, at hindi lamang sa pamamagitan ng pananampalataya.** Ang susi sa pagkaunawang ito ay ang Griyegong pang-abay na “lamang” (*monon*), na hindi naglalarawan (ie nag-uuri) ng salitang *pananampalataya*, dahil ang porma sana nito ay *monos*. Subalit bilang isang pang-abay, nilalarawan nito ang pandiwang *inaring matuwid* na mahihinuha sa ikalawang sugnay. Sinasabi ni Santiagong ang pag-aaring matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi lamang ang *tanging* uri ng pag-aaring matuwid. Mayroon

ding pag-aaring matuwid sa pamamagitan ng mga gawa. Ang una ay *sa harap ng Diyos*, ang panghuling uri ay *sa harap ng mga tao*.

2:25. Ito ay nilalarawan sa karagdagang halimbawa ni Rahab. Hindi sinabi ni Santiagong, “Hindi rin бага si Rahab na patutot ay inaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya at mga gawa?” Walang alam si Santiago sa ganitong uri ng pag-aaring matuwid. Sa halip, gaya ni Abraham sa unahan, si Rahab ay **inaring matuwid sa pamamagitan ng mga gawa** sa harap ng ibang mga tao, samakatuwid sa harap ng bansang Israel kung saan siya ay nakipamayan.

Si Rahab ay akmang ilustrasyong nagtatali ng kaisipan ni Santiago. Nagsimula ang pasahe sa reperensiya sa tema ng “pagliligtas ng buhay” (v14; 1:21). Hindi nakapagtatakang, pinili si Rahab bilang isang halimbawa ng taong ang pisikal na buhay ay “naligtas” dahil siya ay may mga gawa. Ang may-akda ng Hebreo (11:31) ay nagtuturo sa kaniyang pananampalataya at nagbigay diin sa katotohanang *tinanggap* niya ang mga espiya. Sa kabilang banda, si Santiago, ay nagtuturo sa katotohanang kaniyang **pinagpagdaan sila sa ibang daan**. Bakit ginawa ni Santiago ito? Ang sagot ay may malaking signipikansiya sa argumento ni Santiago.

Bagama’t ang *pananampalataya* ni Rahab ay nagsimula sa sandaling *tinanggap niya ang mga espiya*, hindi siya masasabing inaring matuwid sa pamamagitan ng mga gawa hangga’t hindi niya sila *pinagpagdaan sa ibang daan*. Malinaw ito kapag maingat na binasa ang kwento sa Josue 2. Hanggang sa huling minuto, maaari niyang ipagkanulo ang mga espiya. Kung ninais niya, maaari niyang suguin ang mga humahabol na habulin sila. Na ang mga espiya ay may nananatiling pag-aagam-agam ay makikita sa kanilang mga salita sa Josue 2:20: “Nguni’t kung iyong ihayag itong aming pakay, ay hindi namin ipagkakasala ang pagkapanumpa sa iyo, na iyong ipinapanumpa sa amin.” Nguni’t ang matagumpay na pagtakas ng mga espiya ay nagpapakitang si Rahab ay tunay na *kaibigan ng Diyos* dahil siya ay *kaibigan* din nila. Sa ganitong paraan, si *Rahab* ay *inaring matuwid sa pamamagitan ng mga gawa*.

At sa proseso, niligtas niya ang kaniyang buhay at buhay ng kaniyang pamilya! Ang kaniyang pananampalataya ay *buhay na buhay* dahil ito ay aktibo’t gumagawang pananampalataya. Bagamat siya ay patutot- at pinaalala ito sa atin ng parehong kinasihang manunulat- ang kaniyang buhay na pananampalataya ay nanaig laban sa likas na konsekwensiya ng kaniyang kasalanan. Samantalang ang mga mamamayan ng Jerico ay namatay sa ilalim ng dibinong paghukom na pinatupad ng Israel, *nabuhay* siya dahil ang kaniyang pananampalataya ay *buhay*!

2:26. Nais ni Santiagong malaman ng kaniyang mga mambabasa na ang mga gawa ay, sa katotohanan, ang bumubuhay na **espiritu** na nagpapanatiling buhay ng pananampalataya ng isang tao, sa parehong paraang ang espiritu ng tao ang bumubuhay sa katawan ng isang tao. Sa tuwing tumitigil ang Cristianong kumilos nang ayon sa kaniyang pananampalataya, ang pananampalatayang iyan ay namamayay at walang pinagkaiba sa isang patay na kredo. “Ang patay na ortodoksiya” ay isang panganib na laging hinaharap ng mga Cristiano at mabuting maging maingat tayo sa panganib na ito. Ang gamot ay simple: Ang pananampalataya ay malusog at buhay hangga’t ito ay sinasalin sa mga tunay na gawa ng masunuring buhay.

B. Magmakupad sa Pananalita (3:1-18)

1. Ang dila ay isang mapanganib na kasangkapan sa pagpapakita ng karunungan (3:1-12)

3:1. Sa unang Simbahan ang mga pagtitipon ng mga mananampalataya ay mas impormal kaysa nakagawian nating mga umagang pagsamba ngayon. Sa Corinto (cf 1 Corinto 11-14), kung hindi man sa lahat ng mga simbahan, ang mga pagtitipon ay sa malaking bahagi walang estruktura (maliban sa Hapunan ng Panginoon) at bukas sa sinumang lalaking nais na mag-ambag ng mensahe (subalit ang mga babae ay tahimik; 1 Cor 14:34-35). Sa kontekstong ito sinumang kapatid ay maaaring tumayo upang magbigay ng aral sa mga mananampalataya, may kaloob man siya o wala para sa gawaing ito.

Sinimulan ni Santiagong talakayin ang dila sa pagtalakay ng tendensiyang ito. Naniniwala siyang **huwag maging guro ang marami sa inyo**. Ang dahilan? Simple, ang lalaking gumamit ng kaniyang dila upang magturo ay haharap sa mas mataas na pamantayan, siya ay tatanggap ng **lalong mabigat na paghatol** sa Hukuman ni Cristo, kaysa isang hindi ginamit sa ganitong paraan ang kaniyang dila.

3:2. Sapagkat, pahayag ni Santiago, **sa maraming mga bagay tayong lahat ay nangatitissod** (gaya ng v1, kabilang sa *tayo* si Santiago). Ang Griyegong salita para sa **sakdal** ay *teleios*, na hindi espisipikong nangangahulugang “walang kasalanan,” kundi taong “walang kapintasan,” samakatuwid, “isang lalaking walang kapintasan.” Ngunit gaya ng lalinawin ng natitirang bahagi ng kabanata, walang ganitong taong umiiral, dahil “walang nakapapaamo ng dila” (v8).

3:3-4. Binigyang diin ni Santiago ang mga kapabilidad ng maliit na bahagi na ito ng katawan. Totoong ang pagpreno ng dila ay nakakapigil ng “buong katawan” (v2). Sa parehong paraan, naglalagay tayo ng **mga preno ng kabayo sa kanilang mga bibig** at naibabaling ang **buong katawan** ng kabayo. Bukod diyan, ang malalaking mga *barko* ay nakokontrol kahit sa **malalakas na hangin** ng isang napakaliit na kasangkapan: **isang lubhang maliit na ugit**. Binibigyang diin ni Santiago ang potensiyal ng dila bilang isang maliit na “preno” o “ugit” na may kakayahang kontrolin ang “buong katawan” ng tao (v2). Sa madaling salita, kaya ng mga taong kontrolin ang kanilang mga kilos kung makokontrol muna nila ang “ugit,” ang dila.

3:5. Sa liwanag ng potensiyal ng dila bilang “tagakontrol” ng kilos, ang **maliit na sangkap** na ito ng katawan ay maaaring magmapuri ng malalaking bagay (**nagpapalalo ng malalaking bagay**). Ang salitang Griyegong sinalin sa huling parirala ay *megalauchei* (ayon sa karamihan ng mga manuskrito) at nagdadala ng negatibong konotasyon ng palalong pagmamapuri. Walang duda na ang pagpili ng salitang ito ay sinasadya sa bahagi ni Santiago. Ang sitas na ito, para sa kaniya, ay isang transisyong pahayag na kumikilos mula sa “potensiyal ng dila” (v3-4) patungo sa “potensiyal nitong panganib” (v5b-6). Tila бага, kapag ang dila ay “nagsalita” ng kaniyang dakilang gawa, hindi nito maiwasang “magyabang” tungkol sa mga ito. Lahat ay nakikilala ang katangiang ito sa kaniyang sarili, sapagkat sino ang makapagsasalita ng kaniyang mga gawa nang walang kapalaluan o pagyayabang?

Ang transisyon sa negatibong pagsusuri ng dila ay nagsimula sa ekspresyong *nagpapalalo ng malalaking bagay* at dagling nagpatuloy sa paghahambing ng dila sa isang **lubhang maliit na apoy** (maaari *nating* sabihing isang ‘kislap’ o ‘baga’) na nagreresulta sa naglalagablab na impiyerno sa isang **gaano kalaking gubat**. Anong dalas na ang isang kaswal na pahayag ay nagpasimula ng isang lagablab ng kaguluhan sa karanasang pantao!

3:6. Tunay talagang masasabing **ang dila ay isang apoy** o, marahil mas maigi, “ang dila ay apoy.” Ang hindi maging maingat sa paggamit ng dila ay isang mapanganib na pakikipaglaro sa *apoy*. Bakit? Dahil ang dila ay isa ring **sanlibutan ng kasamaan**. Ang Griyegong parirala rito ay (*ho kosmos tes adikias*), na maaari ring isaling “isang masamang sanlibutan,” ay nagmumungkahi ng isang hindi maitatangging mundo ng masamang kasinungalingang masusumpungan sa napakaliit na bahagi ng mapanganib na sangkap na ito ng katawan. Walang uri ng kasamaan hindi masisindihan sa buhay na ito ng napakaliit na palitong ito.

Ganito ang trabaho ng dila sa katawan ng tao. Ang mga salitang **sa ating mga sangkap** ay bumabalik sa unang bahagi ng sitas na ito. Ngunit ang KJV at NKJV ay ginamit ito na reperensiya sa *sumusunod* at idinagdag ang salitang *that* sa teksto. Ngunit wala sa Griyegong katumbas ng salitang *that* at ang mga natitirang pahayag ay tila mga pang-uri sa *dila*. Mas maiging isalin ang sitas na, “Ganito nalalagak ang ating dila sa mga sangkap ng ating katawan, at hinahawaan nito ang buong katawan,” at patuloy. Ang salita ay *kathistatai*, na maraming gamit sa Griyego; dito marahil nangangahulugan ito bilang “ginagampanan ang kaniyang bahagi o papel.” Ibig ipakahulugan ni Santiagong ang dila ay gumaganap na mapanganib na apoy at ng “sanlibutan ng kasamaan” (tingnan ang unang bahagi ng sitas na ito).

Hindi nakapagtata kang ang papel ng dila ay ginagawa itong pisikal na sangkap na **nakakahawa sa buong katawan at pinagningas ang gulong ng katalagahan**. Sa mga salitang binanggit ng isang tao mararamdaman niyang maging napakarumi; bukod diyan, ang dila ay maaaring magresulta sa mga pisikal na gawang nakarurumi sa pisikal na sarili, gaya ng mga kasalanan ng pangangalunya at pakikiapid. Bukod diyan, ang mga salita ng isang tao ay hindi lamang magresulta sa kabuuang karumihan ngunit maaari rin nitong pagningasin ang katalagahan o takbo ng buhay ng isang tao dahil sa nagpapatuloy na konsekwensiyang kanilang resulta.

3:7-8. Matapos nang malagim na paglalarawan ng kapasidad ng dila sa kapahamakan sa v6, may mga mag-aakalang ang ganitong kadelikadong instrumento ay dapat nakokontrol. Ang nakalulungkot, hindi ganito. Dahil bagama't ang mga tao ay matagumpay sa pagsasanay ng **bawa't uri ng mga hayop at mga ibon, ng mga nagsisiusad at mga bagay sa dagat**, walang sinumang makapagsasabi ng kaparehong tagumpay sa dila, dahil **ang dila ay hindi napaaamo ng sinomang tao**.

Dahil sa ang dila ay hindi mapapaamo samantalang ang mga tao ay nasa kanilang katawang pantao, ang dila ay nananatiling **isang masamang hindi nagpapahinga, na puno ng lasong nakamamatay**. Kailangang maalala ng mga Cristianong dala nila sa kanilang mga dila ang isang maikukumpara sa isang nakalalasong ahas, at ang malaahas na instrumentong ito ay makaaapekto sa iba sa paraang maaaring magresulta sa kanilang kamatayan (halimbawa, pagtutuya sa isang taong nagnanasang mamatay). Dahil ang isang Cristiano ay hindi maaaring maging kampante sa pag-aakalang ang “ahas” na ito ay ganap na makokontrol, siya ay dapat laging alerto laban sa nakapapahamak na pagsabog.

3:9-10. Dapat din siyang alerto sa nakagigimbal nitong inkonsistensiya. Ang parehong labing itong **ipinagpupuri sa Panginoon at Ama** sa isang imno o panalangin ng papuri, ay maaaring **ipinanglalait** (o pinangmumura) **sa mga tao** (kahit sa ating mga kapatid na Cristiano), sa kabila ng katotohanang ang mga ito ay **ginawang ayon sa larawan ng Dios** na lumalang sa kanila sa Kaniyang imahen (Gen 1:26-27). Hindi tinuturo ng Bibliang ang imahen ng Diyos ay *nawala* sa hulong na tao, kahit pa *winasak* ito ng kasalanan. Kaya **sa bibig din lumalabas ang pagpuri't paglait** - minsan magkasunuran na ilang segundo lang ang pagitan sa pagbabago ng modo ng pananalita. Marahang pinaalalahanan ni Santiago ang kaniyang mga **kapatid** na Cristianong **ang mga bagay na ito ay hindi nararapat magkagayon**.

3:11-12. Bukod diyan, ang ganitong gawi ng dila ay hindi akma, “hindi nararapat magkagayon” (v10) dahil ito ay salungat sa inaasahan sa kalikasan. Halimbawa, ang isang **bukal** ay hindi kailanman **binubukalan ng matamis at mapait**. Ang dila ay hindi lamang inkonsistente (v11), ito rin ay salungat sa natural na inaasahan. Sa **puno ng igos** walang umaasang makakuha ng **aseitunas**, at hindi rin naghahanap ng mga **igos** sa **puno ng ubas**. Inaasahan ba nating ang mga labing nagpupuri sa Diyos at Ama na manlait sa mga taong “ginawang ayon sa larawan ng Diyos” (v9)? Ngunit madalas ang anomalyang ito ay totoo kahit sa mga Cristiano.

Tinapos ni Santiago ang kaniyang mga babala laban sa hindi napapaamong dila sa pamamagitan ng isang reperensiya sa isang **bukal**. Ngunit ang pantapos na salitang ito ay may pagkakaiba sa sinabi sa v11. Ang mga namumuhay sa maladisyertong kundisyon ng Gitnang Silangan ay batid ang kahalagahan ng isang mabuting bukal ng tubig. Ang reperensiya ni Santiago sa matamis at mapait na tubig ay reperensiya sa *lasa* ng tubig. Maaaring masiyahan ang isang tao sa lasa ng tubig o hindi, ngunit maaaring inumin ito sa isang kagipitan. Ngunit ang **matamis at maalat** na tubig ay magkaiba, at ang mga tao at mga hayop ay maaaring mabuhay sa isang uri ng tubig ngunit hindi sa isa. Hindi lamang dahil ang dila (salungat sa mga likas na bukal) ay kayang makalikha ng mabubuti at mga pangit na salita (“matamis” at “mapait”), ito rin ay maaaring lumikha ng nakakasirang salita (*maalat na tubig*) at mga salitang nakakasuporta ng buhay (*matamis* na tubig). Kung ang kaniyang mga mambabasa ay madalas gumamit ng kanilang mga dila, dapat nilang asahang ito ay may malayong negatibo at positibong resulta. Ang manunulat ng Kawikaan (18:21) ay maigi ang

pagkapahayag ng kaisipan: “Kamatayan at buhay ay nasa kapangyarihan ng dila; at ang nagsisiibig sa kaniya [dila] ay magsisikain ng kaniyang bunga [kamatayan at buhay].”

2. Ang banal na gawi ay isang ligtas na kasangkapan sa pagpapakita ng karunungan (3:13-18).

3:13. Ang mungkahi ni Santiago ay malinaw at espisipiko. Mayroon ba sa kanilang **marunong at matalino**? Ang paraan upang maipakita ito ay sa pamamagitan ng **mabuting kabuhayan**. Ang *kabuhayang* ito ay mailalarawan sa **mga gawa**, gaya nang ipinakita na ni Santiago (1:21-2:26). Ngunit bahagyang binago ng NKJV ang teksto sa pagdagdag ng nahilis na **that**, na hindi naman kailangan. Mas maiging isalin ito bilang, “Hayaang ipakita niya ang kaniyang mga gawa sa pamamagitan ng mabuting kabuhayaan sa kaamuan ng [nagmumula sa] karunungan.” Sa halip na matapang (at mayabang) na pagbabanggit ng inaakalang taglay na karunungan, ang mga mambabasa ni Santiago ay hinihimok na ipakita ito sa pamamagitan ng kanilang pamumuhay sa maamong espiritung (*parauteti*, **kaamuan**) laging taglay ng tunay na karunungan. Gaya nang sinabi ni Jesus, na kapag Siya ang nagturo sa mga mananampalataya, matututo silang maging *maamo* (*praos*); (Mat 11:29).

3:14. Ngunit ang kaamuan ay tila wala sa ilan sa mga simbahang sinulatan ni Santiago (tingnan ang 4:1-2). Dahil dito, binalaan sila ni Santiagong kung sila ay **mayroong mapapait na paninibugho at pagkakampikampi sa... puso**, anumang pagpapagal upang ipakita ang karunungan ng Diyos ay tila pagsisinungaling **laban sa katotohanan**. Ang salitang **pagkakampikampi** (*eritheia*), bagama’t bihira bago ang panahon ng BT ay naglalarawan ng egotismong nakikita sa ambisyong makauna sa iba. Ang mga Cristianong nagnanais ng mataas na kalagayan sa simbahan kaysa iba, na kanilang pinaninibughuan, ay madalas na naghahanap ng prominenteng papel na magbibigay kasiyahan sa kaniyang makalamang ambisyon.

Ang mamuhay na gaya ng nilalarawan ni Santiago ay ang *magmapuri at magsinungaling laban sa katotohanan*. Ang pandiwang Griyego para sa *ipagmapuri* (*katakauchasthe*) ay ang parehong salitang ginamit sa 2:13 tungkol sa tagumpay ng awa sa paghuhukom. Marahil ang kahulugan dito ay pareho. Ang taong gumagamit ng katotohanan ng Diyos bilang kasangkapan upang bigyang kasiyahan ang kaniyang sariling *paninibugho at pagkakampikampi*, habang tinuturo niya ang katotohanang iyan, ay nagkakasala ng “pananagumpay” laban sa katotohanan. Samakatuwid, kaniyang niyuyurakan ang katotohanang tila бага ito ay nasa ilalim ng kaniyang mga sariling personal na ambisyon.

3:15. Kung ito ang paraan ng gustong maging guro upang ipakita ang kaniyang karunungan (v13), siya ay napapamali. Nagpapakita siya ng karunungan, oo, pero hindi ang uring kaniyang iniisip. **Ang karununganang ito**, ayon kay Santiago, ay hindi mula sa langit. Sa halip ito ay **nauukol sa lupa, sa laman, sa diablo**.

3:16. Saan mang dako masumpungan ang **paninibugho at pagkakampikampi** sa mga mananampalataya, laging may dalawang hindi matatakasang konsekwensiya. Isa sa mga ito ay ang **kaguluhan** (*akatastasia*, “kawalang ayos,”) at ang isa pa ay **lahat ng gawang masama** (*pragma*, “gawa,” “pangyayari”). Gaano kadalas ang kinasihang pahayag na ito ay totoo sa mga simbahan kung saan ang mga indibidwal ay naghahanap ng prominensiya dahil sa espiritu ng paninibugho o mapagpuring ambisyon! Ang mga simbahang kinasusumpungan nito ay nauuwi sa kaguluhan, paksiyonalismo at ang mga masasamang bagay ay nasasabi at nagagawa, na walang puwang sa pakikisamang Cristiano. Ang gawa ni Satanas ay nahahayag.

3:17. Salungat sa lahat ng mga ito ay ang totoong makalangit na karunungan: **ang karunungan buhat sa itaas**. Ang pangunahing katangian ng dibinong kaloob na karunungan ay ang katotohanang ito ay *malinis*. Ito ay malaya sa moral na kontaminasyon ng *paninibugho at pagkakampikampi* (v16) at namamarkahan ng tunay na debosyon sa Diyos. Bilang resulta, ito rin ay *mapayapa* (*eirenike*) at

patungkol sa pagkakaroon ng harmoniya sa mga kapatid. Ngunit ang pagmamahal na ito sa kapayapaan ay dahilan upang ang karunungan ito ay *banayad* ("mabait," *epiekes*) at *madaling panaingan* ("masunurin," *eupeithes*). Ang kabanayaran at pagkamasunuring ito ay nangangahulugang ang karunungan ito ay hindi nagpipilit ng kaniyang sariling paraan, ngunit mabiyayang tumatabi para sa ibang mananampalataya. Ang huling tatlong katangian (kapayapaan, kabanayaran at madaling panaingan) ay lahat nagsisimula sa letrang Griyegong *epsilon* (*e*) at aliteratibo kapag pinagsama-sama gaya ng ginawa ni Santiago rito. Nilalarawan din nila ang mga katangiang madalas makitang magkakasama sa isang indibidwal.

Ngunit kung ang kalinisan, kapayapaan, kabanayaran at madaling panaingan ay nasa unahan ng listahan ni Santiago, totoo ring ang karunungan mula sa langit ay **puspos ng kaawaan at ng mabubuting bunga, walang inaayunan, walang pagpapaimbabaw**. Ang atentibong mambabasa ay makikita sa alingawngaw ng mga salitang ito ang mga naunang tema sa epistulang ito. "Ang puspos ng kaawaan" ay nagpapaalala ng 1:27 at 2:13. Ang "mabubuting bunga" ay umaalingawngaw ng 1:22-25 at 2:14-16, samantalang ang "walang inaayunan" ay nagpapaalala ng 2:1-13 (bagama't ang salitang ginamit dito ay iba sa 2:1). Ang "walang paimbabaw" ay nagpapaalala ng malapit na konteksto, espisipiko ang v14. Sa maikli, ang mga ito, kabilang na ang unang apat na katangian, ay ang mga aspeto ng "mabuting kabuhayang" (v13) nagpapatunay ng karunungan ng isang tao sa pamamaraang walang kapangyarihang gawin ng mga salita.

3:18. Ang mga taong ang gawi ay gaya ng nilarawan ng v17 ay kabilang **sa mga nagsisigawa ng kapayapaan**. (Ang saling "sa mga nagsisigawa ng *kapayapaan* [*tois poiousin eirenen*] ay ginagawa ang *poiousin* bilang dative of agent [sa pamamagitan] kaysa ng bentahe [sa]. Ang dative of agent ay unang nakita sa kabanatang ito sa saling "ng tao" sa v7 at nagbibigay ng pinakamainam na kahulugan dito.) Kaya ang gumagawa ng kapayapaang nagpapakita ng karunungan makalangit ng v17 ay tila бага isang manghahasik sa bukid. Ang kaniyang gawi (ang kaniyang binhi) ay may ultimong *bunga sa katuwiran*, dahil ang katuwiran sa mga mananampalataya ay lumalago at nananagana kapag sila ay nananahan *sa kapayapaan*. Sa liwanag ng diin ni Santiago sa kapayapaan sa kongregasyon (cf 4:1-3), marahil ang pariralang sa kapayapaan, ay mas maiging kasama ng pariralang **bunga ng katuwiran**, sa halip na *natatanim* gaya ng NKJV (ie, ang sugnay ay dapat basahing, "ang bunga ng katuwiran sa kapayapaan ay natatanim ng...").

C. Makupad sa Pagkagalit (4:1-5:6)

1. Ang Poot ay Nilikha ng Kamunduhan (4:1-5)

4:1. Ano pala ang dahilan ng mga **pagbabaka at pag-aaway** sa kaniyang mga mambabasa? *Saan* ang mga ito **nagbubuhay**? Ang sagot ay diretso at matalas. Ang mga pag-aaway na ito ay nagmumula, ayon kay Santiago mula **sa inyong mga kalayawan**. Tama ang NKJV bagama't walang salitang Griyegong katumbas ng mga salitang Ingles na *desires for*. Ngunit sa pahayag ni Santiago, ginamit niyang personipikasyon ang *kalayawan* na tila бага mga kalabang sundalo na **bumabaka** sa loob ng kaniyang mga mambabasa, samakatuwid sa **kanilang mga** (pisikal na) **sangkap**.

Bakit nakikipagbaka ang mga Cristiano *sa bawat isa*? Dahil sila ay nakaranas ng pakikipagbaka *sa kanilang sariling kalooban*, habang ang kanilang mabuti at masamang impulso ay nakikipagbaka sa bawat isa.

4:2. Ang kanilang masalimuot na buhay panloob ay tinalakay sa paraang nagpapakita ng prastrasyon. **Kayo'y nangagiimbot, at kayo'y wala**; hindi nila maabot ang kanilang nais. **Kayo'y nagsisipatay, at kayo'y nangaiinggit, at hindi maaaring kamtan**. Malabong pinakakahulugan ni Santiago ang literal na pagpatay, ngunit, gaya nang sinabi ng Apostol Juan, "Ang sinomang napopoot sa kaniyang kapatid ay mamamatay-tao" (1 Juan 3:15).

Sa kanilang paninibugho sa ilang kapatid na Cristiano, ang mga mambabasa ni Santiago ay walang dudang maysala ng “paghiling na sana mawala ang mga ito” (“Hiling kong mamatay na siya”) at pag-iimbot ng mga bagay na *makamtan* sana kung siya nga ay patay na. Ngunit dahil ang espiritu ng pagpatay na ito ay hindi maisakatuparan (napakadelikado, nakakahiya, makasalanang, atbp), pinalalala lang nito ang prustrasyon ng mambabasa. Sa kabila ng kanilang pagpatay sa isipan at pag-iimbot, naiiwan sila sa kung saan sila sa pasimula. Hindi nila *makamtan* ang kanilang iniimbot. Ang tanging natitira ay ang ituloy ang pag-aaway sa pagitan ng mga kapatid sa lahat nitong pangit na aspeto; kaya sabi ni Santiago, **kayo'y nangakikipagaway at nangakikipagbaka**. Dahil sa kanilang malalim na prustrasyon, ginagawa nilang larangan ng digmaan ang kanilang simbahan.

Ngunit gaano man katrahedyang ang makasariling panloob na prustrasyon ng kaniyang mga mambabasa, kasinsama nito ang katotohanang hindi sila lumapit sa Diyos upang matugunan ang kanilang pangangailangan: **kayo'y wala, sapagka't hindi kayo nagsisihingi**.

4:3. Sa kabilang banda, nang sila ay **nagsisihingi**, ang kanilang kahilingan ay mali. (Ang salitang **nagsisihingi kayo ng masama** ay salin ng salitang Griyegong *kakos*). Ang kanilang kahilingan ay masama dahil ang kanilang kahilingan ay makasarili. Anuman ang kanilang hinihingi sa Diyos, ang layon nila ay **upang gugulin** sa kanilang **mga kalayawan**. Kapansin-pansin ang pariralang ginamit. Sa paggamit ng salitang *gugulin* (*dapanesete*) ipinahihiwatig ni Santiagong ang mga benepisyong hiningi nila sa Diyos ay mauubos. Wala ang mga itong permanente o nagtatagal na halaga. Kakambal dito ng salitang *gugulin*, ang salitang *mga kalayawan* ay nagmumungkahi ng dumaraang gratipikasyong masama ang uri (ikumpara sa mas neutral na gamit sa v1). Hindi nakapagtataakang *hindi sila nagsisitanggap* ng tugon sa ganitong uri ng kahilingan.

Nang sinulat ni Santiagong, *hindi kayo nagsisihingi*, ang nasa isip niya ay mga kahilingang kapag natugunan ay sumasagot sa mga pundamental na pangangailangan ng kaniyang mga mambabasa. Kabilang sa mga nakikitang pangangailangan ay ang paghingi sa kapayapaan at harmoniya sa kanilang mga kapatid at ang pagtatapos ng kaguluhan sa simbahan. Ngunit nang sinulat din ni Santiago, *kayo'y nagsisihingi at hindi kayo nagsisitanggap*, ang nasa isip niya ay ang naliligaw at walang direksiyong panalangin. Ang panalangin ay *maaaring* magresulta sa katugunan ng pangangailangan, ngunit *hindi ito maaaring* magresulta sa pagsunod sa ating makasariling layaw.

4:4. Marahil napapagod na si Santiago sa estadong ito (v1-3) kaya hindi nakapagtataakang siya ay nag-akusa sa kaniyang mga mambabasa bilang **mga mangangalunya**. Gaya ng “pagpatay” (v2), marahil hindi literal ang kaniyang pananalita. Ang pumupukaw kay Santiago ay ang kawalang katapatang pinakikita ng kaniyang mga mambabasa sa kanilang paghahanap ng **pakikipagkaibigan sa sanglibutan**. Gaya nang makikita sa huling bahagi ng kabanata, ang ilan sa kaniyang mga mambabasa ay mahilig ipagmapuri ang kanilang mga negosyo (4:13-16). Sa paggawa nito, sila ay nagpapakita ng hayagang materialistiko’t *makasanlibutang* espiritu.

Ang totoo, nauna nang nagbabala si Santiago sa kaniyang mga mambabasa na “pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan” (1:27). Ang babalang ito ay agad sinundan ng isang pagsaway sa gawi sa simbahan kung saan ang isang mayamang lalaki ay binubuhusan ng atensiyon samantalang ang mahirap ay binabalewala (2:1-7). Ang larawang lumalabas sa epistula ay marami sa mga Cristianong mambabasa ang materialistiko ang pananaw, na bumubuo ng koneksiyon sa mga mayayaman habang naghahanap ng pinansiyal na tagumpay para sa kanilang mga sarili. Ngunit lahat ng mga ito ay makasanlibutan sa kaniyang kagitnaan. Hindi ba natatanto ng kaniyang mga mambabasa, ang tanong ni Santiago, na *ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios*? Hindi ba nila alam na ang **sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios**?

Sa BT, madalas gamitin ang terminong *sanlibutan* (*kosmos*) sa isang sistema o entidad na laban sa Diyos at manipulado ni Satanas (hal 1 Cor 1:20-21; 2:12; Gal 6:14; 2 Ped 1:4; 1 Juan 2:15-17; 3:1; 5:19). Ang materialismo, imoralidad at espirituwal na pagkabulag ay mga bahagi ng masamang entidad na ito at laban sa interes at layon ng Diyos sa mundo. Mapilit si Santiago (gaya ni Juan sa 1

Juan 2:15-17) na ang isang tao ay hindi mapapanatili ang pakikipagmabutihan sa Diyos at sa sanlibutan. Kailangang mamili ang isa kung saang bahagi siya kakampi, at kapag ang isa ay pumili ng *pakikipagkaibigan sa sanlibutan*, awtomatiko niyang pinili ang *pakikipag-away sa Diyos*. Pinili niyang maging kalaban ng kaniyang Tagapaglikha at Tagatubos. Ito ay katulad ng isang lalaking may asawa na pumasok sa imoralidad kasama ng isang babaeng hindi niya asawa. Sa desisyong iyan, pinili niyang itakwil ang katapatan sa kaniyang asawang babae. Samakatuwid, sa kanilang paghahanap ng pagtanggap ng sanlibutan at katayuan dito, ang mga Cristianong mambabasa ni Santiago ay gumagawa ng espirituwal na pangangalunya at tinatakwil ang kanilang pakikipagkaibigan sa kanilang Panginoon. Marahil magigitla ang marami na marinig ito sa ganitong paraan, ngunit ang layon ni Santiago ay gisingin sila sa nakalulungkot na lalim kung saan nalubog ang kanilang espirituwalidad at debosyon.

4:5. At gusto rin ni Santiagong matanto nilang hindi sinasawalang bahala ng Diyos ang ganitong kawalang katapatan. Kaya pinaalalahanan niya silang **ang kasulatan ay hindi nagsasalita ng walang kabuluhan** na ang Espiritu ng Diyos ay nananaghili sa mga mananampalataya. Malinaw na ito ang kahulugan ng teksto bagama't walang isang tekstong naglalaman ng eksaktong mga salitang ginamit dito ni Santiago. Gayon pa man, ang katotohanang ang Diyos ay *mapanibughong* Diyos ay bantog sa Kasulatan (hal Ex 20:5; 34:14). Dahil dito, ang mga panandang pansiping ginamit sa NKJV (ang Griyegong BT ay walang ganitong mga pananda) ay maaaring alisin, at ang mga salita rito ni Santiago ay maaaring ituring na paraprasya ng katotohanang Biblikal na nababalot ng mga terminong akma sa BT. Sa kabilang banda, ang kawalan mula sa tekstong Griyego ng salitang gaya ng *hoti* ("that") pagkatapon ng salitang *nagsasalita* ay nagbibigay ng impresiyong si Santiago ay sumisipi nga. Sa kasong ito, ang pinagmulan ng sipi ay hindi alam at maaaring ito ay isang Cristianong imno o propesiya. Ngunit maaari pa ring sabihing ang mga salita ay paraprasya ng tinuturo ng Kasulatan at tama lamang sabihing *ang Kasulatan ay nagsasalita*.

Ang katotohanan ng LT na ang Diyos ay mapanibughong Diyos ay hinalo sa katotohanang BT na ang **"ang Espiritu bago na pinatira sa atin."** Ngunit dahil sa ang Espiritu Santo ay Diyos, anumang sabihin tungkol sa Diyos ay totoo rin sa *Espiritu*. Kung ang Diyos ay nananaghili, ang Kaniyang Espiritu ay nananaghili. Pinatotohanan ni Santiagong ang naninirahang Espiritu ng Diyos ay **"nagnanais hanggang sa kapanaghilian"** sa apeksiyon ng kaniyang mga mambabasa. Samakatuwid, Siya ay nasasaktan ng kanilang *pakikipagkaibigan sa sanlibutan*. Ayon kay Santiago, dapat nilang seryosohin ang bagay na ito dahil ang Kasulatan ay hindi nagsasalita nang *walang kabuluhan*. Ang totoo, ang salitang *walang kabuluhan*, kasama nang mariing asersiyon ng panananahan ng Espiritu ng Diyos, ay nagpapahiwatig ng posibilidad ng isang uri ng ganti kapag ang pagnanais ng Espiritu sa kanila ay hindi pinansin.

2. Ang poot ay nagagamot ng kapakumbabaan (4:6-5:6)

4:6. Bagama't nagpapahiwatig si Santiago ng posibleng parusa sa masamang gawi ng kaniyang mga mambabasa (tingnan ang v5), pinili niyang huwag manatili sa aspetong ito. Sa halip, pinagtibay niyang ang Diyos na nananaghili dahil sa kanilang *pakikipagkaibigan sa sanlibutan*, ay nais na maging mabiyaya. Ito ay empatiko sa **nguni't siya'y nagbibigay ng lalong biyaya**. Hindi nauubusan ng biyaya ang Diyos- hindi maubos ang Kaniyang pinagkukunan- lagi Siyang *maraming biyayang* maibibigay. Ito ay tunay na akmang konklusyon para sa manunulat na namuhay sa ilalim ng iisang bubong kasama ng Panginoon (Juan 1:14).

Sa liwanag ng hindi maubos na dibinong biyaya, hinikayat ni Santiago ang kaniyang mga mambabasang iposisyun ang mga sarili na tumanggap nito. Sinipi niya ang Kawikaan 3:34 ayon sa pagkalimbag nito sa Griyegong LT (Septuagint). Kung ang kaniyang mga mambabasa ay manatiling arogante **"palalo"** *sasalangsangin* sila ng Diyos. Ngunit ang pangunahing punto ay ang Diyos ay **"nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba"**. Ang dibinong pabor (*biyaya*) ay makukuha ng kaniyang mga mambabasa kung taglay nila ang kinakailangang mapagkumbabang saloobin. Ang

pagkakampikampi at pagtatalong pumipilay sa kanilang mga simbahan (4:1-3) ay mga hayag na manipestasyon ng kapalaluan. Ang espiritung ito ay dapat isantabi.

4:7. Ang sumusunod sa puntong ito ay isang malinaw na panawagan sa pagsisisi. Dapat magsimula ang kaniyang mga mambabasa sa pagpapasakop **sa Diyos**, samakatuwid, ay determinasyong gawin kung ano ang tama at nakalulugod sa Kaniya. Susubukin ni Satanang ang ganitong resolbasyon. Dapat din silang **magsisalangang sa diablo** (gaya ng ginawa ni Jesus nang Siya ay tinukso) at sila ay makakaasa ng tagumpay sa kaaway: **at tatakas siya sa inyo**. Gaano man kalaki ang kapangyarihang manukso ni Satanang, siya ay may kahinaan. Ang Cristianong mariing komitado sa Diyos at sa awtoridad ng Kaniyang Salita ay makakaasa sa tulong ng Espiritung nananahan sa kaniya, at makakaasang tatapusin ni Satanang ang kaniyang atake at *tatakas* kapag naharap sa ganitong pagsalangang.

4:8. Ngunit hindi sapat ang pagkomita ng sarili sa pagsunod at pagsalangang sa tukso. Ang pagsisisi ay nangangailangan ng personal na dimensiyon kung saan ang nasirang pakikisama ng Cristiano sa Diyos ay dapat buhayang muli. Kaya nanawagan si Santiago sa kaniyang mga mambabasa na **magsilapit kayo sa Diyos**, dahil batid niyang ang ganitong hakbang ay tutugunin: **at Siya'y lalapit sa inyo**. Siyempre, nilinaw ni Apostol Juan (1 Juan 1:9) na ang pagkumpisal ng kasalanan ang unang hakbang sa muling paglapit sa Diyos. Ngunit ang pinaintig na panalangin at meditasyon sa Kasulatan ay mga akmang hakbang din. Tutugon ang Diyos sa mga hakbang na ito, hindi lamang ng kapatawaran, kundi ng iba pang token ng Kaniyang paglapit. Siya ay laging handang tulayin ang pagitan sa pagitan Niya at ng mga mananampalataya kaysa mga mananampalataya mismo. Ang naibalik na kalapitan sa pagitan ng Diyos at ng mga mambabasa ni Santiago ang tunay na layon ni Santiago rito. Sasalubungin sila ng Diyos bago pa ang kagitnaan.

Gaano man kabiya ang imbitasyong *lumapit sa Diyos*, hindi ito magagawa maliban sa tapat at masakit na pagtakwil sa kasalanan. Kahit sa pinakadedikadong Cristiano kapag napapalapit sa Panginoon, ang kanilang maruming kalagayan ay masakit sa kanila (tingnan ang Isa 6:1-5; Pah 1:17). Ang mga mambabasa ni Santiago ay hindi maaasahang *makalapit sa Diyos* nang walang kaparehong karanasan. Kaya sila ay inaralang **mangaglinis kayo ng inyong mga kamay** mula sa kasalanan at **dalisayin ninyo ang inyong mga puso** mula sa kanilang **dalawang akala**. Kailangan nilang alisin ang anumang masamang bagay na ginagawa ng kanilang mga kamay. Gayon din, kailangan nilang itatwa ang hating katapatang taglay nila na siyang nagtutulak sa kanila sa sanlibutan.

4:9. Kung ito ay ginawa nang may pagkilala at ng may lalim ng komitment, natural lang sa kanilang **mangagpighati at magsihibik at magsitangis**, at anumang kagalakan ang kanilang nararanasan ay mapapalitan ng **kalumbayan**. Hindi ito nangangahulugang ang **pagtawa** at **kagalakan** ay mali. Sa katunayan, ang mga ito ay nakatutulong sa karanasang pantao (tingnan halimbawa ang Awit 126:2; Kaw 17:22). Subalit, kapag ang tao ay nakikibaka sa kasalanan sa harap ng Diyos, ang *pagtawa at kagalakan* ay hindi akma, at ang ganitong kababawan ay nagpapakita ng kawalan ng seryoso sa pagsisisi. Ngunit kapag ang puso ng isang tao ay ginalaw ng lalim ng kaniyang kasamaan sa harap ng Diyos, ang mga binabanggit na tugon dito ay hindi lamang natural kundi marapat lamang.

Ang mga kasalananang kailangang pagsisihan ng mga mambabasa (4:1-3) ay nagbibigay-katuwiran sa hinihingi ni Santiago sa sitas na ito. Gaya ng lahat na pagsisising Cristiano, ang layon ay ang pagtakwil sa kanilang mga mali. Ang mababaw at basta-basta lang na pagsisisi ng kasalanan ay nagbibigay na malaking posibilidad na ang parehong mga pagkakamali ay uulitin.

4:10. Ang layon kung gayon ay ang tunay na pagpapakumbaba ng kanilang mga sarili **sa paningin ng Panginoon**. Kung gagawin nila ito nang wasto, isa sa mga araw na ito **itataas kayo** ng Diyos. Ang Griyegong pandiwang sinaling *itataas kayo* ay *hyposei* at nangangahulugang “eksaltasyon.” Kung ibababa ng mga mambabasa ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsisisi, isang araw sila ay

“itataas” ng Diyos. Mangyari man ito sa buhay na ito o hindi, siguradong babayaran ng Diyos ang kanilang “pagpapakababa” ng “eksaltasyon” sa Kaniyang sariling panahon at pagpapasya.

4:11. Espisipikong sinabihan silang **huwag kayong mangagsalita ng laban sa isa't isa**. Sa mga kongregasyong may problemang tinutukan ni Santiago (4:1-3), hindi matitigil ang kaguluhan malibang tumigil ang kritikal at mapaghukom na pananalita laban sa iba. Ang pandiwang sinaling mangagsalita ng *laban (katalaleite)* ay may sapat na lawak upang maisama ang lahat ng uri ng negatibong pananalita na nakasasama sa interest ng isang kapatid, totoo man ang paksa o hindi.

Ang pananalitang ito, ay isa ring negatibong paghatol sa karakter o gawi ng Cristianong iyan. Kaya sinabi ni Santiago na ang kapatid na **nagsasalita laban sa kapatid, o humahatol sa kaniyang kapatid** ay sa kaparehong sandali ay isang taong **nagsasalita laban sa kautusan, at humahatol sa kautusan**. Marahil ang iniisip ni Santiago ay ang *kautusang hari* ng Kasulatan (tingnan ang 2:8) na sa Lev 19:16-18, ay inuunahan ng “huwag kayong maghahatid dumapit sa inyong bayan” (v16). Ang taong nagkukwento ng mga pagkakamali at kakulangan ng ibang Cristiano ay malinaw na lumalabag sa utos na “ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.” Ngunit sa paglabag sa utos na ito sa pamamagitan ng pagpuna sa iba, kanila ring pinupuna at hinahatulan ang *kautusang hari* mismo. Dahil sa lahat ng ganitong uri ng pananalita ay pinagbabawal ng kautusang ito, ang lumalabag nito ay nagsasabing, “Ang utos na ito ay hindi karapatdapat sa aking pagsunod at hinahatulan ko itong imbalido para sa akin sa pagkakataong ito.” Walang dudang nasorpresa ang mga mambabasa ni Santiago sa konseptong ito, ngunit totoo ito sa anumang uri ng paglabag ng kautusan. Ang lumabag ng kautusan ay nagbibigay ng negatibong hatol sa anumang kautusang kaniyang nilabag.

Ang ganitong gawi ay hindi pagpapakumbaba (tingnan ang v10). Sinumang tumindig na humahatol sa kautusan ng Diyos, ay naglalagay ng kaniyang sarili sa *ibabaw* ng kautusang iyan. Sa kasong ito, ani Santiago, **hindi ka na tagatupad ng kautusan, kundi hukom**. Samakatuwid, iniwan ng taong ito ang kaniyang tamang lugar ng *pagpapasakop sa kautusan* at itinaas niya ang kaniyang sarili sa papel ng *hukom*. Ang kapalaluan ng ito, hindi man sinasadya, ay malinaw.

4:12. Ngunit walang sinumang taong makapupuno ng papel na ito dahil **iisa ang tagapagbigay ng kautusan at hukom**. Tanging ang Diyos ang may kapangyarihang **makapagliligtas at makapagwawasak**, samakatuwid, ay may kakayahang magpreserba o bumawi ng buhay. Ang mga pandiwang ginamit rito (*sosai at apolesai*) ay parehong ginamit sa sekular na Griyego sa pisikal na buhay o pisikal na kamatayan. Walang dahilan upang basahin ang doktrina ng eternal na kaligtasan dito. Tunay na ang Diyos ang Tanging makapagdedetermina ng eternal na hantungan ng isang tao, ngunit ang determinasyong ito ay nagawa na: ang mga mananampalataya ay malaya na sa pinal na paghuhukom at kundenasyon (Juan 3:18; 5:24). Ngunit dito, ang reperensiya sa katotohanang ito ay hindi natural katulad ng reperensiya sa pisikal na buhay o kamatayan (gayon din sa San 1:21; 2:14; 5:15, 20). Ang ideya ay kahit pa hatulan ng isang Cristiano ang kapwa mananampalataya sa kaniyang pananalita, tanging ang Diyos ang magdedetermina kung sila ay “ililigtas” mula sa kamatayan na penalidad ng kasalanan (1:15; 5:20) o wawasakin ang kanilang mga buhay bilang parusa (cf Gawa 5:1-11; 1 Cor 11:30).

Ang punto ni Santiago ay direkta: **Sino ka na humahatol sa iyong kapuwa?** Kung ang pagsisisi ng mga mambabasa ay tunay (San 4:7-10), kailangan nilang maging mapagkumbaba upang tanggapin ang kanilang kawalang karapatan upang hatulan ang kapwa Cristiano. Anumang hiwalay dito ay kapalaluan at pagmamataas.

4:13-14. Kinondena ni Santiago ang mga nagyayabang ng kanilang mga plano sa negosyo nang ganap na walang pagpapahalaga sa panandaliang kalikasan ng kanilang mga buhay. Sa NKJV, ang pariralang “today or tomorrow (ngayon o bukas)” ay mababasa sa karamihan ng mga manuskrito ng Santiago bilang *ngayon at bukas*, at ito ang mas maigi. Ang mga hambog na ito ay kumpiyansa sa kanilang pangmatagalang pagpapalano. Pupunta sila sa isang espisipikong lunsod (“**magsisiparoon kami sa gayong bayan**”) at ang kanilang paglalakbay ay aabutin ng dalawang araw (*ngayon at bukas*). Ang

kanilang plano ay nanawagan ng **isang taong** pagnenegosyo roon, kung saan umaasa silang “magtutubo.” Ngunit, gaya ng gustong ipabatid ni Santiago, ang mga hambog na ito ay ni **hindi nakaaalam ng mangyayari bukas** (cf Kaw 27:1). Plinano nila ang isang taong programa nang hindi nila alam kung ano ang mangyayari *bukas*. Maraming maaaring mangyari bukas upang biguin ang kanilang mga intensiyon. Maaaring hindi na sila buhay bukas, dahil ang kanilang mga buhay ay **isang singaw na sa sangdaling panahon ay lumilitaw, at pagdaka'y napapawi**.

4:15. Sa halip na maging hambog sa kanilang mga plano, kailangan nilang kilalanin ang soberaniya ng Diyos sa kanilang mga negosyo at maging sa kanilang mga buhay. Kung sila ay tunay na mapagkumbaba, **ang dapat ninyong sabihin** ay ang kanilang mga buhay (“**mangabubuhay kami**”) at ang kanilang mga aktibidad (“**gagawin namin ito o yaon**”) ay nasa ilalim ng kalooban ng Diyos. Ang mga salitang “**kung lolobin ng Panginoon**” ay akma sa kanilang mga bibig hindi bilang mga pormula, kundi tunay na ekspresyon ng kanilang pagdepende sa Diyos.

4:16. Ngunit sa halip na kapakumbabaan, ang mga mambabasa ay **nagmamapuri kayo sa inyong mga pagpapalalo**. Ang ekspresyong ito ay hindi masyadong malinaw sa NKJV. Ang Griyegong pariralang *kauchasthe en tais alazoneiais hymon* ay mas maigi ang pagkasalin sa KJV bilang “ye rejoice in your boastings (nagsasaya kayo sa inyong pagyayabang).” Marahil maaari itong basahin bilang, “Kayo ay nagmamapuri sa inyong mga palalong pretensiyon.” Ang punto ni Santiago ay ang kanilang mga kumpiyansadong pananalita na kaniyang kinondena (v13-14) ay higit pa sa pagkalimot sa soberanya ng Diyos. Sa halip, ang mga hambog na planong ito ay isang pinagmumulan ng kapalaluan sa mga nagsasabi nito. Sa isang salita, ibig na ibig nilang ipahayag ang mga “kapalaluang ito” (*alazoneiais*) upang makuha ang paghanga ng iba. Sa liwanag nito, **ang lahat ng ganitong pagmamapuri ay masama**.

Gaano ito kadalas mangyari sa simbahan kung saan ibig ng mga taong ilatag ang kanilang mga plano (patungkol sa negosyo o ibang bagay) sa harap ng iba upang makakuha ng paghanga, paggalang at deperensiya mula sa kanila. Kahit ang isang misyonaryo o isang mangangaral ay maaaring mahulog sa bitag ng paglalatag ng kaniyang mga plano upang paglingkuran ang Diyos bilang paraan ng pagkuha ng kapurihan mula sa kaniyang mga kapwa Cristiano. Ang mga salita ni Santiago rito ay isang walang katapusang paalalang *ang mga ganitong pagmamapuri ay masama*.

4:17. Kung alam ng mga mambabasa ni Santiago kung paano ang tamang pagkilos at pananalita, kailangan nilang isagawa ang mga ito. Dahil kung hindi nila ito gagawin, ang kanilang kabiguan ay kasalanan. Kung alam nilang kailangan nilang kilalanin ang kanilang pagdepende sa kalooban ng Diyos sa kanilang mga plano, kailangan nilang umakto sa kaalamang ito, dahil **sa nakakaalam nga ng paggawa ng mabuti, at hindi ginagawa, ito'y kasalanan sa kaniya**. Ang kasalanan ay hindi lamang paggawa ng mali, kundi ang hindi pagtupad ng tama. Kung ganuon, hindi dapat mawala sa pananalita ng mga mananampalataya ang kanilang pagkilala na ang kanilang mga buhay at ang kanilang mga aktibidad ay isang singaw ng usok. Kailangan nilang kilalaning tanging ang Diyos lamang ang magbibigay sa kanilang kakayahang gawin ang anumang nais, plano o gawaing gusto nilang gawin.

V. Epilogo: Magtiis sa Harap ng mga Pagsubok Hanggang sa Katapusan (5:7-20)

A. Ang Pagtitiis ay May Karampatang Gantimpala (5:7-11)

5:7. Ang propetikal na orakulo ni Santiago (5:1-6), bagama't bahagi ng katawan ng epistula, ay naghahanda para sa kaniyang konklusyon. Ang propesiya ay maaaring gamitin upang ihiwalay ang kaniyang mga mambabasa sa makamundong kayamanan, ngunit ito rin ay makatutulong upang hikayatin silang makatiis hanggang sa katapusan, anumang pagsubok ang kanilang tinititi. Kailangan nilang **mangagtiis... hanggang sa pagparito ng Panginoon**. Ang mga problema ay maaaring

magpalakas sa paghihintay sa pagbabalik ni Cristo, ngunit kung ang mga mananampalataya ay naghihintay lamang sa Panginoon sa liwanag ng kanilang mahirap na kalagayan, sila ay matutuksong mawalan ng pasensiya sa halip na magtiis.

Sa lipunang agrikultural ng Palestina nang panahon ni Santiago, ang **ulang maaga at huli** ay batid ng lahat (ie, matapos maghasik: huling taglagas; bago mag-ani: maagang tagsibol). Kaya ang **magsasakang** matiyagang naghihintay sa ulan sa tamang kapanahunang kailangan sa **mahalagang bunga ng lupa** ay makikita ng mga mambabasang Palestino ni Santiago bilang isang modelo ng pagtitiis. Ngunit dahil sa ang larawan ng pag-aani ay malalim ang pagkabaon sa eskatolohiya ng BT (hal. Mat 13:29), maaaring may reperensiya rin ito sa Panginoon bilang Dibinong Magsasakang matiyagang naghihintay para sa katapusan ng lahat na bagay.

5:8. Mapa-taong magsasaka man o Dibino, ang mga mambabasa ni Santiago ay makahahangap ng batayan upang **mangagtiis** at **pagtibayin... ang mga puso**, sapagka't **ang pagparito ng Panginoon ay malapit na**. Sa pag-apirma ng katotohanang ito, si Santiago (kasama ng ibang manunulat ng BT) ay sinasabing napamali. Ang tanong ay kung paanong *ang pagparito ng Panginoon ay malapit na* sa araw ni Santiago kung halos dalawang libong taon na ang nakalipas na hindi pa ito nangyayari? (Ang pagtutol na ito ay sinagot na ni Pedro sa 2 Pedro 3:3-9). Maraming sagot sa pagtutol na itong nanggagaling sa kawalan ng pananampalataya, ngunit ang sagot na pinakaakma sa kontekstong ito ay: ang pagdating ng Panginoon ay *laging malapit na* (*engike*, “andiyan na”) sapagkat ang mga mananampalataya ay hindi nahiiwalay dito ng anumang pangyayari (tingnan ang susunod na sitas). Sa kabuuan ng mahigit dalawampung siglo lagi nitong taglay ang katangiang kahit sinong mananampalataya ay maaaring magsabing, “Maaaring ngayon na.” Anumang *dapat* mangyari, at *maaaring* mangyari ngayon, ay masasabing malapit na. Maaaring gamitin ng mga mambabasa ang kaalamang ito bilang paraan ng pananahimik at pagtitiyaga, samakatuwid, *pagpapatibay* ng kanilang mga *puso*.

5:9. Kung ang kanilang mga puso ay matibay sa pag-asang ito, ang kaniyang mga mambabasa ay hindi **mangagupasalaan... laban sa isa't isa**. Ang salitang *mangagupasalan* ay salin ng salitang (*stenazete*) na nagpapahiwatig na “humibik” o “bumuntong-hininga.” Sa liwanag ng mga *pakikipag-away* at *pakikipagbakang* sinaway ni Santiago sa unahan (4:1-3), ang pandiwang ito ay napakarahang. Pinalagay ni Santiagong ang kaniyang panawagan sa pagsisisi (4:7-12) ay pakikinggan, at ang mga simbahan ay makararanas ng mas higit na katahimikan at harmoniyang panloob. Subalit, ang realismo ay nagtulak sa kaniyang magbabala laban sa kahit na pinakamarahang reklamo ng mga Cristiano laban sa isa't isa. Kahit pa ito ay “upasala” lamang o “buntong-hininga” lamang, kailangan nilang iwasan ito, dahil ang pagdating ng Panginoon ay maaaring maganap anumang oras.

Ang nalalapit na pagdating ng Panginoon ay nahuli sa isang makapangyarihang metapora. **Narito, ang hukom ay nakatayo sa harapan ng mga pinto!** Ang mga mambabasa ay kinumpara sa mga litiganteng, o mga dependante, nakatayo sa korte. Ang ganap na katahimikan ay kailangan bilang paggalang sa hukom na nakatayo sa labas ng korte at papasok na upang umupo sa paghukom. Gaya ng isang Romanong liktor na naghahayag ng nalalapit na pagpasok ng hukom, si Santiago ay sumisigaw, “Tahimik!” Ang kaniyang mga Cristianong mambabasa ay kailangang manahimik sa kanilang pagrereklamo laban sa isa't isa sa kanilang pagkaunawang ang kanilang Panginoon at Hukom ay maaaring dumating anumang oras at maupo sa Bema (Hukuman) upang siyasatin ang kanilang mga buhay (cf 2:12-13; tingnan din ang Roma 14:10-12; 2 Cor 5:10). Kaya kailangan nilang maging maingat na hindi Niya sila masumpungang nag-iingat ng mapag-upasalang espiritu laban sa kapwa mananampalataya (cf Roma 14:12-13a).

5:10. Kailangan pa ba ng kaniyang mga mambabasa ng karagdang dahilang upang makatiis hanggan sa huli? Kung oo, kailangan nilang kunin **ang mga propeta na nagsipagsalita sa pangalan ng Panginoon** bilang mga halimbawa. Masining na lumipat si Santiago mula sa admonisyong nakabase sa *propesiya* (ang Rapture, v7-9) patungo sa admonisyong nakabase sa *mga propeta mismo*. Ang mga

lingkod ng Panginoon na gaya ni Daniel o Jeremias, ay nakauunawa ng mga bagay tungkol sa **pagbabata at pagtitiis**.

Ang salitang sinaling *pagbabata (kakopatheias)* ay may konotasyon ng pagtitiis sa kabila ng pagdurusa o pighati. Ito ay may pagkakaiba sa *pagtitiis (makrothymias)*, na nagpapahiwatig ng pagkontrol ng isa sa kaniyang temperamento o emosyon, samakatuwid, ay ang pagkakaroon ng tinatawag na “mahabang (*makro-*) pisi.” Ang mga mambabasa ay sinabihang “mangagtiis (*makrothumesate*)... hanggang sa pagparito ng Panginoon” (v7-8) at kontrolin ang kanilang temperamento sa bawat isa (v9). Ang mga propeta ng sinauna ay nagpapakita ng kontrol sa sarili habang sila ay nagtitiis sa ilalim ng maraming pagsubok.

5:11. Ngunit sa kabila ng mga kapighatian, sinasabi ni Santiagong dapat tingnan ng mga mananampalataya ang mga propeta nang may paghanga at paggalang sa kanilang pagtitiis. **Narito**, dapat silang magkaroon ng parehong saloobin sa lahat ng mga nagtiis sa ilalim ng mga pagsubok: **tinatawag nating mapapalad ang nangagtiis**. Masasabi ito ng mga mambabasa patungkol kay Job na ang **pagtitiis** (*hypomone*, “pagtitiyaga”) sa ilalim ng mga pagsubok ay pinagdiriwang ng mga gumagalang sa LT. **Nakita** rin ng mga mambabasa (sa bantog na kwento ng Biblia) **ang pinapangyari ng Panginoon**. Ang reperensiya sa katapusan ay malinaw na patungkol sa konklusyon ng Aklat ni Job, kung saan nabanggit na “pinagpala ng Panginoon ang mga huling araw ni Job higit kaysa sa pasimula” (Job 42:12). Dahil tinapos ni Job ang kaniyang mga araw na may taglay na higit kaysa sa simula, makikita ng mga mambabasa para sa kanilang mga sarili **ang lubos na pagkahabag at ang pagkamaawain ng Panginoon**.

Ang implikasyon nito ay makakaasa ang mga mambabasang sila ay makaaasang “mababayaran” kahit ano pa ang kanilang tiisin (o maiwala) sa ilalim ng mga pagsubok na pinadala ng Diyos sa kanila- iyan ay kung kumilos sila nang tama gaya ni Job at ng mga propeta. Ngunit ang pangkalahatang lenggwaheng ginamit ni Santiago ay ang Diyos ay *lubos ang pagkahabag at ang pagkamaawain* sa mga nakatiis. Walang dahilan ang mga mambabasang mag-akalang sila ay dapat mabayaran sa materyal na bagay gaya ni Job. Sa halip, ang mga espirituwal na benepisyo ang malamang na nasa isipan ni Santiago (cf 1:1-12). Subalit, sa kontekstong mariing nakaturo sa pagdating ng Hukom (v7-10), natural lamang isiping nasa isipan din ni Santiago ang mga gantimpalang ipamamahagi sa Hukuman ni Cristo (tingnan ang 1 Cor 3:14; 2 Cor 5:10). Sapat sabihing naniniwala si Santiago nang lubos na ang pagtitiis sa ilalim ng pagsubok ay gagantimpalaan ng *mahabagin at maawaing* Panginoon.

Ang Pagtitiis ay May Kasamang Panalangin (5:12-20)

Ang laman ng 5:7-11 ay binigkis ni Santiago sa pangkalahatang panawagang mapagpasensiyang magtiis hanggang sa pagdating ng Panginoon. Sa pagtatapos ng kaniyang epistula, nagbigay si Santiago ng ilang episipikong praktikal na payo patungkol sa pangangailangan ng mga mambabasa na magtiis. Gaya ng katotohanan ng tatlong admonisyon sa 1:19, ganuon din dito.

5:12. Una, gusto niyang iwasan nila ang manumpa. Ang **nguni't higit sa lahat** (*pro panton*) ay para sa pagbibigay-diin, hindi upang itaas ito sa ibang kautusan. Kapag ang tao ay nasa ilalim ng istres (mga pagsubok), ang mga tao ay napipilitang gumawa ng mali, gaya ng panunumpa. Ang panunumpang isinumpa upang patunayan ang katotohanan ng isa sa pakikipag-usap ay nagpapahiwatig na ang kaniyang mga normal na apirmasyon ay hindi sapat. Kaya dapat umiwas ang mga mambabasa sa ganitong uri ng panunumpa. Hindi nila dapat **ipanumpa, kahit ang langit, ni ang lupa, ni ang anomang ibang sumpa**, gaya ng pangaral din ng Panginoon mismo (Mat 5:34). Sa halip, sila ay dapat mga tao ng kanilang salita, na ang mga simpleng apirmasyon at pagtanggap, **“Oo”** at **“Hindi”** ay sapat na, na hindi na kailangan ng karagdagang patunay gaya ng ibinibigay ng mga sumpa.

Ang NKJV sa puntong ito ay sinalin ang Griyegong tekstong nangangahulugang **upang kayo'y huwag mangahulog sa ilalim ng hatol** (*hypo krisin*). Ngunit malaki ang posibilidad na ang ilang matandang manuskrito na nagtataglay ng tekstong ito ay sumasalamain sa isang matandang pagkakamaling eskribal kung saan ang munting salitang Griyegong *eis* ("sa") ay nawala. Ang matitira lamang ay *hypokrisin* (ipokrisiya) na hinati ng mga patnugot sa *hypo* at *krisin* ("ilalim ng hatol"). Ang karamihan ng mga manuskritong Griyego ng Santiago ay may kasamang *eis* kaya ang teksto ay dapat basahing, "upang huwag mangahulog sa ipokrisiya o pagpapaimbabaw" (*eis hypokrisin*).

Ang mahilig manumpa ay madaling mahulog sa ipokrisiya o pagpapaimbabaw dahil ito ay nagbibigay sa kaniya ng pagkakataong magsinungaling sa ilalim ng mataimtim na pag-aangkin ng katotohanan. Nahulog si Pedro sa ganitong uri ng pagpapaimbabaw sa kaniyang pagtakwil sa Panginoon. Ang karunungan ni Santiago ay mabubuod sa ganito: ang isang mananampalataya ay hindi nangangailangang manumpa upang patunayang, "sa pagkakataong ito seryoso na ako!" Sa halip, sa lahat ng pagkakataon, siya ay laging "seryoso." Sa paraang ito, maiiwasan niyang mahulog sa mapagpaimbabaw na komunikasyon.

5:13. Ang kalma at tamang gawi, kahit sa ilalim ng istres, ang talagang hinahanap dito ni Santiago. Ang isang biglaang sumpa ay maling tugon sa anumang sitwasyon. Ngunit paano kung ang isa ay talagang **nagbabata**? Sa sitwasyong ito kailangan ang panalangin. At paano kung ang isa ay **natutuwa**? Sa sitwasyong ito ang kailangan ay pagpupuri. Ang salitang **awitin niya ang mga pagpupuri** (*psalleto*) ay maaaring may pangkalahatang kahulugang "hayaan silang umawit ng papuri," bagamat maaaring sa unang simbahan ang mga kantang kagaya nito ay madalas na nakabase sa mga salmo ng LT.

5:14-15. Sa mas espisipikong diwa, paano kung ang nagbabatang Cristiano (binanggit sa v13) ay may karamdaman? Kailangan talaga ang panalangin (v13), ngunit sa kasong ito may espesyal na uri ng panalanging maaaring lapitan ng **may sakit**. Ang *may sakit* ay maaaring **ipatawag... ang mga matanda sa iglesia**. Pagdating ng mga lalaking ito, matapos **na pahiran nila ng langis sa pangalan ng Panginoon**, ay **ipanalangin nila siya**. (Ang gramatikang Griyego ay pinakamaunawaang nagpapahiwatig na ang *pagpahid ng langis* ay nauuna sa panalangin.) Kung loobing tugunin ng Diyos ang panalangin ng sinuman, o ng lahat, ng mga lalaking ito sa kanilang panalangin ng **panalangin ng pananampalataya**, ang panalanging iyan ay **magliligtas sa maysakit** mula sa kamatayan at **ibabangon siya ng Panginoon**.

Wala ritong anuman tungkol sa kaloob ng pagpapagaling na taglay ng sinuman sa *mga matanda*. Sa halip, ang mga matanda ng simbahan ay kumikilos bilang mga tagapamagitan para sa *may sakit*. Hindi sinabi ni Santiagong *laging* nagaganap ang paggaling. Maaaring may mga kasong hindi tiyak ang mga matanda na ang paggaling ang pinakamabuti. Mas maalam sa Biblia at mas perseptibo ang mga matanda, mas handa silang siyasatin ang espesipikong sitwasyon sa espirituwal na paraan at manalangin para rito.

Dahil sa ang pagpahid na ito ay gagawin sa *pangalan ng Panginoon*, maaari nating kunin itong pagpapakita ng pagtitiwala sa *soberaniya* sa pagpapagaling. Ang *soberaniyang Panginoon* lamang ang *makababangon* ng may sakit na tao. Ito ay ayon sa katotohanang ang karamihan sa pagpapahid ng langis sa LT ay nagtuturo sa soberaniya ng Diyos sa pagpili ng tao para sa isang tungkulin (bilang propeta, pari o hari).

Ngunit may posibilidad na ang *pagpahid* na tinutukoy ni Santiago ay tumutukoy sa popyular na gawaing medikal ng kanilang araw (cf Marcos 6:13; Lukas 10:34). Ang pagpahid ng langis ay gamot pantahanan para sa mga may sakit at karamdaman. Kung ito ang tinutukoy ni Santiago, ang mga matanda ay mananalangin para sa maysakit pagkatapos uminom ng gamot.

Binigyang pansin ni Santiagong sa mga kasong may kasalanang naganap, ang kapatawaran at paggaling ay maaaring maganap. Ngunit ang pariralang **kung nagkasala siya** ay isang kinakailangang babala. Hindi lahat ng sakit ay resulta ng kasalanan (gaya ng tinuturo ng iba) ngunit ang ilan ay oo (cf 1 Cor 11:30). Ang katotohanang may nagpatawag ng mga matanda ng simbahan ay

nagmumungkahing siya ay handang harapin ang kaniyang kasalanan. Malinaw na dapat magtanong-tanong *ang mga matanda* tungkol dito maliban kung napakalinaw ng sitwasyon at hindi na kailangang suriin. Dahil dito hindi karunungan ang mga matanda ng simbahan ang magpasimula ng prosesong nilarawan ni Santiago. Kung hindi *ang maysakit* mismo ang nagpatawag, ito ay marahil dahil sa may kasalanan siya sa kaniyang buhay na hindi pa siya handang harapin.

5:16. Subalit dapat handa ang mga mambabasa ni Santiago sa bukas at tapat na pagpahayag o pagkumpisal ng kanilang mga kasalananang kinakailangan upang gumaling (**upang kayo'y magsigaling**). Ngunit ang utos na **mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa** ay nakabase sa pagtalakay ni Santiago sa mga karamdaman at hindi dapat gawing pangkalahatang admonisyon. Walang biblikal na utos na ihayag sa publiko ang lahat ng ating nalalamang kasalanan. Ang pagkumpisal sa Diyos ay kailangan patungkol sa anumang kasalananang nababatid, at dapat gawin ayon sa 1 Juan 1:9. Ngunit tanging dito lamang ang utos na mangagpahayagan **sa isa't isa** at napapaloob sa pangangailangan ng mga matanda at kapwa Cristiano (**ipanalangin ng isa't isa ang iba**) upang pagalingin ng Diyos ang maysakit.

Tila hindi iniisip ni Santiago sa v14-15 ang dagliang paggaling matapos manalangin ang mga matanda. Sa halip, inisip niya ang kolektibong panalangin, pareho ng mga matanda at ng kongregasyon, at iniisip niya ang malaon, sa halip na dagliang paggaling. Ngunit kung ang maysakit ay may dahilan upang isiping ang kamay ng disiplina ng Diyos ay nakapatong sa kaniya, dapat handa siyang kilalaning ihayag ang kaniyang mga kabiguan upang ihanda ang daan sa epektibong panalangin.

Ang panalangin ay *maaaring* gumawa ng himala! Pero hindi kung ito ay nagmumula sa pusong hindi matuwid, o kung ito ay mababaw, basta-basta at superpisyal. Sa halip, **malaki ang nagagawa** kung ito ay **maningas na panalangin ng taong matuwid**. Ang mga salitang *nagagawa* at *maningas* ay salin ng Griyegong pandiwang (*energoumene*) mahirap isalin sa Ingles. Ang pamilyar na salitang Ingles na ginamit sa saling NKJV ay tama, ngunit dahil ang pandiwang “energize” ay mula sa pandiwang ito, ang pahayag ni Santiago ay maaaring isalin bilang “espirituwal na enerhiyang panalangin” o “panalanging may enerhiya ng Diyos.” Ang punto ay ang panalanging ito ay epektibo kaysa sa mga panalanging binabanggit sa kasuwal o basta basta lang na isipan. Si Santiago ay tumutukoy sa panalanging mula sa Espiritu at nagmumula sa puso at sa kaluluwa. Ang panalanging ito ay maibibigay lamang ng *isang matuwid na tao*, kaya pinapahiwatig ni Santiagong kung ang lalaki ay tatalikod sa anumang kasalananang kaniyang ginawa, maaari siyang manalanging epektibo para sa kaniyang sarili. Sa katotohanan, ito ang ginawa ng matuwid na si Haring Ezekias nang siya ay nagkasakit na halos sa kamatayan (1 Hari 20:2-6), bagama’t ang kaniyang sakit sa ating pagkaalam ay walang kinalaman sa kasalanan.

5:17. Bilang isang klasikong halimbawa ng “nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid,” inalala ni Santiago si Elias [na] **isang taong may pagkataong gaya rin ng atin**. Kung natutukso ang kaniyang tagapakinig na si *Elias* ay isang uri ng espirituwal na superman na ang buhay panalangin ay hindi makokopya, sila ay nagkakamali. Si *Elias* ay karaniwang tao gaya ng iba, ngunit ang kaniyang panalangin ay nagsarado sa langit **sa loob ng tatlong taon at anim na buwan**. Sa pagsabing *si Elias ay nanalangin nang buong ningas*, gumamit si Santiago ng pariralang nakaugat sa Hebreong idyoma. Ang mga salitang Griyego (*proseuche proseuchato*) ay may literal na kahulugang “nanalangin ng panalangin” ngunit maaaring isaling “nanalangin ng mataimtim.” Ang reperensiya, gaya ng mungkahi ng NKJV, ay sa naunang banggit na “epektibong maningas na panalangin” (v16). Ang ekspresyon dito ni Santiago ay paraan ng pagsabing ang ganitong uri ng panalangin ang pinanalangin ni *Elias*. Ang resulta ay nagsasalita para sa kanilang sarili.

5:18. Hindi lang ito nag-iisang halimbawa ng panalangin para sa *matuwid na taong* ito. Sa halip, **muli siyang nanalangin** at ang kaniyang panalangin ay umabot hanggang **langit na nagbigay ng ulan** at sa **lupa na namunga ng kaniyang bunga**. Iminumungkahi ni Santiago sa kaniyang mga Cristianong

mambabasa na sa parehong paraan, malaki ang kanilang magagawa (tingnan ang *malaki ang nagagawa* sa v16) kung sila ay mga matuwid na taong maningas manalangin.

Natapos na ni Santiago ang paksa ng karamdaman, na siyang nagpasimula ng kaniyang pagtalakay sa panalangin (v16). Ang paggaling ng pisikal na karamdaman ang isa sa mga posibleng resulta ng epektibong panalangin. Gaya ng nalalaman ng lahat ng nakakaalala sa kwento ni Elias, ang mga panalangin ng propetang ito ay kasangkapan ng Diyos sa Kaniyang panawagan sa pagsisisi ng Kaniyang bayang Israel (1 Hari 18). Ang panalanging nagsarado ng langit ay naglagay sa Israel sa ilalim ng disiplina ng Diyos, samantalang ang panalanging nagbukas nito ay nagdala ng mga pagpapala ng Diyos. Ngunit dumating ito matapos lamang ng pagsisisi ng buong bansa mula sa pagsamba kay Baal. Samakatuwid, binalik-loob ni Elias ang buong bansa mula sa kamalian ng kaniyang daan (v20). Ang mga kaparehong oportunidad ay naghihintay sa mga panalanging ipanalangin ng mga mambabasa ni Santiago.

5:19. Ang katotohanang ito ay nilinaw sa pagtatapos na pahayag ng epistula (v19-20). Ang pahayag na ito ay hindi dapat basahing hiwalay sa nakaraang talakayan tungkol sa panalangin. Hinayag na ni Santiago ang katotohanang may mga may sakit sa mga simbahang kaniyang sinulatan ang may kasalanan, at ang kanilang pangangailangan ay matutugunan sa pamamagitan ng panalangin. Ngunit mayroon ding ibang naligaw ng landas espirituwal, na maaaring walang pisikal na sakit. Malinaw na tanggap ni Santiagong maaaring may ganitong pangangailangan, dahil ang kasalanan, sa kasamaang-palad, ay bahagi ng Cristianong pamumuhay. Kaya iminungkahi niyang **kung ang sinoman sa inyo ay nalilihis sa katotohanan**, ang sinuman sa kaniyang mga mambabasa ay maaaring maging instrumento upang **papagbaliking loob** ang taong iyan, gaya ng ginawa ni Elias para sa Israel. Hindi na kailangang bigyang diin ni Santiagong hindi ito magagawa kung walang panalangin. Si Elias ang malinaw na halimbawa sa gawaing ito ng pagpapabalik-loob.

5:20. At ang pagsisikap na ito ay napakahalaga. Sa katotohanan, ang sinumang **nagpapabalik-loob ng isang makasalanan, mula sa kamalian ng lakad niya** (*hodou*, daan) ay nagbabalik sa kaniya palayo sa makasalanang daang hahantong sa pisikal na kamatayan (tingnan ang 1:15). Samakatuwid, ang mga pagpapagal ng isang Cristiano sa pagbabalik-loob ng kaniyang kapatid tungo sa daan ng pagiging masunurin ay nagliligtas ng buhay. Kung matagumpay, siya ay **magliligtas ng isang kaluluwa** (*psyche*, “buhay,” “persona”) **sa kamatayan**. Ngunit higit pa dito ang kaniyang ginawa, dahil ang nakabalik na makasalanan ay tatanggap ng mabiyayang kapatawaran ng Diyos. Samakatuwid, ang lahat ng mga kasalananang nilikha at pinadami ng taong tumalikod sa Diyos, ang mga ito ay nawala sa paningin sa sandaling ang taong ito ay bumalik sa Diyos. Ang salitang sinaling **magtatakip** (*kalypsei*) ay nangangahulugang “tinago.” Ang **karamihang kasalanan** ng nakabalik na makasalanan ay hindi na nakikita dahil sa kapatawarang kaniyang tinanggap. At ang mapagmahal na kapatid na nagbalik sa kaniya ay kinilala hindi lamang sa pagligtas ng buhay ng kapwa Cristiano, kundi pati ng paglilinis sa kaniya, na tila бага inalis ng kaniyang mga pagpapagal mula sa paningin ang mga pangit na moral na kabuktutang nilikha ng kasalanan (bagama’t sa katotohanan, tanging ang Panginoon ang aktuwal na naglilinis sa sinuman). Salamat sa personal na pagpapagal na ito, ang dating nalihis na Cristiano ay buhay pisikal at malinis espirituwal.

At dito nagtapos ang epistula. Ngunit hindi ito dapat isiping patag o antiklimaktiko. Sa kabalintunaan, sa kaniyang impresibong konklusyon (5:7-20), dinala niya ang kaniyang mga mambabasa mula sa estado ng bulung-bulungan laban sa isa’t isa (v9), tungo sa mapagmahal na pagmamalasakit sa pisikal na kalagayan ng bawat isa (v16), tungo sa pinakatugatog ng lahat: ang pagmamalasakit sa kasalanan ng kaniyang kapatid (v19-20). Kapag narating ng mananampalataya ang talampas na ito, kanilang nalagpasan ang makasariling pag-aalala sa kanilang mga pagsubok at pagsusulit. Ang kanilang mga mata ngayon ay nakatuon sa espirituwal na pangangailangan ng kanilang mga kapatid na lalaki at babae, at ang kanilang mga kamay ay nakaunat upang hilahin sila pabalik sa tamang landas.

Translator's Note

I am using Ang Biblia, a very literal translation of the Bible in Filipino language. It is usually called the Filipino KJV but is actually the translation of 1901 ASV. Note that words in red are my comments on the parts that are being translated.